# Table of Contents


Four Better or Worse Preview

Love and Kisses, Harpy Preview

CHEATIN' CHARLEY COUGAR MYSTERY FILE #3

# Four Better OR WORSE

ROSE TAN

This e-book is exclusively available for purchase through Whimsical Books Ph for personal use only. If you acquired this copy from a source other than Whimsical Books Ph, please inform us, and we'll reward you for the information.

All rights reserved. No part of this book may be copied, distributed, or transmitted in any form or by any means, including screenshots, without the prior written permission of the author, except for brief quotations used in critical reviews or permitted by copyright law for noncommercial purposes.

This is a work of fiction. All characters and events are either products of the author's imagination or used fictitiously.

**Cheatin' Charley Cougar Mystery File #3: Four Better or Worse**

Copyright © 2025 by Rose Tan

Book production by
Whimsical Books Ph
Visit their online store
for printed copies.

First Digital Edition

# *Chapter 1*

*Her name was Mona, she was alipin,*
*With yellow highlights in her hair, and her shorts cut down to there.*
*She would Facebook and do the TikTok…*
*And while she tried to influence,*
*Yours truly always tended house.*
*Across the cluttered floor,*
*I worked from four to four.*
*She was young, and I don't have any other,*
*So I asked for more—*

*Sa aking yaya, Yaya Simona,*
*The laziest maid north of Masasa.*
*Sa aking yaya, Yaya Simona…*

MGA YABAG… I paused the "Copacabana" tune in my head. At correction, hindi bagay ang "yabag" sa naririnig ko pero wala akong mahagip na ibang salita sa aking bokabularyo. Footsteps. Yabag in Tagalog. Pero mas bagay ang "yabag" sa mga higante at kapre kaysa sa nilalang na hindi maiangat ang mga paa kapag naglalakad. Ang mga halimaw at kapre, may effort ang bawat hakbang, ginagamitan ng enerhiya, itim man o puti.

Ang footsteps na palapit sa akin, tunog lang ng pekeng Crocs na

kumakaskas sa lupa. And I swear, makikilatis mo pala kung japeyk o genuine ang Crocs base sa tunog ng yabag. Mas maingay ang japeyk, parang fake news. Therefore, mas maingay ang mga japeyk.

"Ate?"

And there she was, ang aking yaya, Yaya Simona. Pagkaiksi ng shorts. Hindi denim. TikTok version noong kaka-release lang ng "Copacabana" ni Manong Barry Manilow. Panlarong shorts, masikip, maiksi, may slit on both sides. Ang kay Simona ay pula na may white stripes. *Pagkaitim naman ng kuyukot ng batang ito*. Ang legs ay walang korte o kahit anong definition. Mataba lang na panay peklat at kamot. Palaisipan sa akin kung saan siya

humuhugot ng self-confidence para ipangalandakan ang ganoon kapangit na legs. Walang konsiderasyon sa mga makakakita si Simona Alapaap.

Ang pang-itaas ay maiksi din. Razorback na sandong panlaro, may logo ng Adidas sa harapan, kasing-japeyk ng Crocs niya. Iniiwasan ko nang tingnan ang pusod at kilikili dahil noong huli kong titigan, *juskoh*, may sapot ang pusod. Binigyan ko ng cotton buds, baby oil, at alcohol.

"'Di ba, sabi ko, sa labas mo ibaon ang mga nabubulok? Ba't nandito?" turo ko sa mga semi-decayed biodegradables. "Ni hindi mo ibinaon nang maigi. Pinagbahayan na naman ng mga langgam at ang langaw, o!" Kandabugaw ako for emphasis.

May ipinapahid sa mukha si Simona gabi’t araw kaya alam kong hindi siya namumula dahil sa sermon ko.

“Sabi mo kasi, ate, ibaon ko sa lupa, hindi mo sinabing sa lupa sa labas,” sagot sa akin.

“Sabi ko sa labas,” ulit ko, pero iyon ba talaga ang sinabi ko?

“Sabi mo, sa lupa,” giit ni Simona.

Gina-gaslight ba ako ng sarili kong alipin o may undiagnosed dementia na ako? Noong isang araw, Lunes yata o Martes, magwi-withdraw ako ng child support sa ATM, biglang hindi ko maalala ang PIN ko. Complete mental block na hindi ko pa naranasan maski noong estudyante ako at nakanganga lang sa mga recitation. Nanlamig ako at nangatal ang kalamnan sa harap ng

ATM. Paanong hindi ko alam ang numerong dudutdutin?

Ni-recite ko mentally ang pangalan ko, address, birthday, at what I want to be when I grow up. Na-recite ko naman. Nahimasmasan ako nang kaunti pero napilitan na akong mag-over the counter at pumila sa loob ng bangko dahil two hundred na lang ang cash ko at tuyo na ang gatas sa aking dodo, bibili ako ng isang sakong Similac.

Back to kasalukuyan. Pinagmasdan ko ang mapulang mukha ni Simona. Makakalimutin ako, oo, pero ipinaglihi sa "palusot" itong yaya ko, so tama ba ako o mali? Ang hirap maging ako minsan at kadalasan.

Hinagip ko na lang uli ang dustpan at walis tingting. Winalis ko ang mga

nabubulok, sabay talikod kay Simona. Dumeretso ako sa gate. May humangos sa tabi ko.

“Hoy, Fish! Bumalik ka dito! Lintik ka!” sigaw ko. Dineadma ako ng aspin. “Fish! ‘Pag nasagasaan ka d’yan, patay ka sa ‘kin! Fiiiish! Tsuuu! Tsuuuu!”

Tumawid si Fish, huminto sa gate ng farm sa tapat, kumahol doon. Kahol na friendly. “*Woof! Woof!*” Imbes na “*awrrrrrrr.*” Ibinaba ko sa isang tabi ang walis at dustpan. Bukod sa baka masagasaan, worried din ako na may makakitang tanod kay Fish. Mahigpit nang ipinagbabawal sa aming bayan ang pagpapakawala ng mga alagang aso. Hindi puwedeng mabagansya si Fish, mauubos ang aking mental at emotional capacity na aluin si Lacey if

ever.

Tumawid na din ako, handang buhatin ang lecheng aspin nang may lumapit na babae sa gate ng farm. Teenager, mas maganda kay Lacey.

“Hi, po, Tita,” bati sa akin habang pine-pet na ang pagmumukha ni Fish sa grille ng gate.

“Hi, Sam. Kukunin ko lang ang aso, nakasalisi na naman,” ‘kako.

Hinahalikan na ni Samantha si Fish. Ewww. I can never ever do that, ang makipaghalikan sa doggo at hayaan iyon na dila-dilaan ang mukha ko or any body part. Dinidilaan din ni Fish ang bayag niya! Not to mention ang mga puwit ng mga pusang gala na naliligaw sa amin.

May isinubong treat kay Fish si

Samantha. “Good boy, go home ka na, ha,” sabi sa aso.

Nilantakan ni Fish doon din ang treat.

“Binibigyan mo pala, kaya pala nasasanay pumarito,” ‘kako kay Sam, may not-so-subtle panunumbat.

“Sorry, po, Tita,” aniya sa tonong ‘not really sorry.’ “Nami-miss ko talaga si Becky, ‘yong late dog ko.”

Dahilan ba iyon para ako ang maperhuwisyo? Ngumiti na lang ako nang hindi totoong ngiti, sabay binuhat ko si Fish. “Tara na.” Patakbo akong tumawid pauwi, pahagis kong binitawan si Fish sa loob ng gate, sabay sara.

Then I stood there, hindi alam ang gagawin. Bakit ko isinara ang sarili ko

sa labas? Bakit nga ba ako nasa labas, in the first place? Dahil tumakas si Fish. Binuksan ko nang kapiranggot ang gate at nagsumiksik ako papasok para hindi makasalisi uli ang aspin.

Nasa front steps na ako ng bahay nang maalala ko. "Ang mga langgam!" Nagtatakbo uli ako palabas ng gate pero maingat na lumabas. Dinampot ko ang naiwan kong dustpan at walis tingting. Panahon na naman ng pagtatrabaho ng mga langgam kaya naisip ko, dalhin na lang sa colony nila ang mga pagkain para hindi na nila maisipang pumasok sa property ko. Feeling ko, napakawais ko sa part na iyon.

Kaya ang mga nabubulok, sa labas ng bakuran na lang ibabaon. Sa kaliwang dulo ng bakod sa harap, may hinukay na

akong libingan ng mga biodegradable, huhukayin ko lang uli nang kaunti at tatabunan. May nakatago na rin akong dulos doon, sa likod ng mga oregano. Speaking of, masukal na uli sila. Ang lalaki ng dahon. Namitas ako ng isang dakot. Pakukuluan ko at ipapaligo. Dahil mabango. Sasamyuin ko ang steam.

Dumeretso ako sa lababo pagbalik ko sa bahay. Dineadma ko si Simona na nasa sofa, busy sa *selpon*. Sigurado ako, kahit maltratuhin ko ang alipin ko, hindi pa rin siya aalis sa akin. Dahil sa Wi-Fi. Dahil din sa Wi-Fi kaya hindi siya lumalabas kahit day off niya, pero hindi ko mautusan kahit nasa bahay lang, kasi daw, day off niya.

Kung ako ang masusunod, boomer

na yaya ang kukunin ko, hindi Gen Z. Kaso hindi ako ang nasusunod kundi ang mga bituin. Si Simona ang dinala sa akin ng tadhana para maging reminder na hindi dapat magpahid ng mga rejuv-rejuv sa mukha.

Hinugasan ko ang mga dahon ng oregano, masabi lang. Hindi naman sila nababasa dahil may buhok ang dahon. Baka lang may mam-bash kapag hindi ko hinugasan. After that, dinala ko sa banyo, inilagak sa balde at pinatuluan ng mainit na tubig. Sosyal na ang banyo namin, may hot and cold app na.

All because my last standing ovum chose a very rich spermatozoa.

"Simona... Mona," tawag ko sa mahinahong tono.

"Ate?" sagot niya sa tonong takot

dahil alam na uutusan.

“Pakihiwa na ng mga patatas at carrot, isang sibuyas, tatlong bawang. Hindi tatlong buong bawang, ha. Three cloves lang.” Dapat linawin ang bawat utos, baby AI pa ang OS ni Mona. “Mag-a-afritada na lang ako pagkaligo.”

“Ate, paparito daw po sina Kuya Greg. Magdadala silang pagkain, ‘wag ka na daw magluto.”

Napanganga ako. “Kelan mo nalaman ‘yan?”

“Kanina po.”

“At ngayon mo lang sinabi?”

“Mamaya-maya pa naman po, mga twelve daw sila.”

Alam ko naman kung bakit hindi agad niya sinabi sa akin—ayaw niyang mautusan magligpit. Alam niya na

kapag may darating na bisita, uutusan ko siyang maglinis-linis. Pagkatalino.

“Alam mo, Mona...”

“Ano, ate?”

“Isang araw, may makikita silang bangkay ng isang babae, tadtad ng saksak. Nineteen years old, hanggang likod ang buhok, may mga peklat sa legs, may agiw sa pusod at kahit pabulok na, mapula pa din ang mukha.”

“Sino po ‘yon?”

“Aba, ewan natin. Baka ikaw.”

Bumungisngis ang confidently beautiful alipin with a heart. “Si Ate,” sabi.

“Sa ugali mong ‘yan, mga thirty minutes na lang ang lifespan mo,” ‘kako. Kung may magtatanong naman kung bakit hindi ko na lang sesantehin

si Simona, de kayo na ang magpresidente. Mahirap makahanap ng alipin na hindi uwi nang uwi, at ipinakiusap siya ni Maritess sa akin. Pamangkin daw ng pinsan ni Tess, na-COVID ang ama, tumaob ang kabuhayan ng pamilya. Kailangan daw ni Simona ng trabaho pero takot ang nanay na pakawalan sa Kamaynilaan. *Ako man ang nanay*, sa loob-loob ko. Bilang awkward ang sitwasyon namin ng backer niya, tinanggap ko si Simona. At feeling ko minsan, siya ang paraan ni Tess para makaganti sa akin sa paglandi ko kay Greg.

At kung palalawakin ko pa ang imahinasyon ko, plano siguro ni Tess na ma-stress ako daily para magkasakit ako at mategi. Sa ganoon, makukuha na

nila ni Greg nang buong-buo si Baby G as in Goyo, as in Gregory Patrick Name*, my only begotten.

But no, hindi ganoon si Tess. Mabait iyon at naiintindihan ko if ever na naiinis siya sa akin minsan. At mahal niya ang anak ko, no doubt. Hindi siya bitter na ako ang ina, imbes na siya, ng most probably ay only son na ni Greg.

"Magwalis-walis ka na ng bahay habang tulog pa si Goyo," sabi ko kay Mona. Naligo na ako. Mabuti naman at hindi na ako magluluto. Kaso lang, I'd rather cook afritada kaysa mag-entertain ng bisita. Hindi ko gusto na pupunta dito sa bahay sina Greg basta maisipan nila. Nagsasabi naman, still, sana weekends na lang, hindi anytime, any day.

Hindi naman sa ipagdadamot ko si Goyo sa tatay niya, malabo kong gawin iyon dahil napakabuting tao naman ni Gregorio, generous pa. Sa kagaya ko lang na antisocial, ang asiwa sa pakiramdam na anytime, may dadalaw at hindi ko puwedeng pagtaguan.

Minsan, naiisip ko, sana si Andres na lang ang nanalo sa DNA test. At least iyon, may trabaho buong linggo, siguradong weekends lang makakadalaw. Pero aagawan ko pa ng sustento ang pamilya ni Andres? Madaming umaasa sa taong iyon.

Okay na nga si Greg, madatung ang lolo mo. Afford na afford ang Similac.

# *Chapter 2*

BLOOMING si Maritess. Pumayat ang lola mo pero naiwan ang balakang kaya uma-hourglass ang pigura ngayon. May glow ang kutis dahil nagpa-treatment sa derma ng mga babae sa buhay ni Atong Ang. Gusto ko din sana ng ganoong facial treatment pero nakakahiya namang pati iyon ay hingin ko kay Gregorio, samantalang nang dahil sa kanya, afford na afford ko ngayon na hindi magtrabaho. Habang-buhay na akong hindi magtatrabaho.

Nahihiya ako minsan kay younger self na nangarap na maging batikang abogada noon, imbes ay nabuhay ako na commoner version ni Kate Middleton. Hindi ko talaga naranasang maging working girl. Buong adult life ko, binuhay lang ako ng mga lalaki. First, by my late husband, Ned. I was a housewife. Nang mabiyuda ako, sapat ang mga naiwan niya para makapagluksa ako without worries. Siniguro ni Ned na siya lang ang iiyakan ko, hindi kasali ang presyo ng bigas.

Then, I got reunited with a former schoolmate, Gregorio. We had a very brief affair. Na nagbunga. Tuwang-tuwa si Greg dahil hindi naman na kami bagets na nagsisimula pa lang sa mga pangarap. Natupad na ni Greg many

times over ang mga pangarap niya. Isa na siyang yayamanin at respetadong contractor ng gobyerno. Kaya natural, wala nang usap-usap, ipinaayos niya lahat ng kailangang ipaayos sa bahay ko, pinalitan niya ng bagong Honda CR-V ang Hyundai ko, may thirty thousand pesos ako monthly bilang child support. May health insurance kaming mag-ina, may educational plan na si Goyo hanggang PhD.

*I'm living la vida suerte*.

But I don't feel suerte deep inside this heart of mine. I feel useless. Wala ba akong ibang ganap sa buhay? Wala ba akong purpose maliban sa maging ulirang asawa noon, at ngayon, ina? Don't get me wrong, pangarap kong maging ina noon pa. Wala akong

kasingligaya nang masilayan ko si Goyo. Pero nang ilatag sa akin ni Greg ang plataporma de suporta niya, nanliit ako, pero kailangan kong tanggapin. Karapatan ni Greg na magpakatatay kay Goyo. Karapatan ni Greg na ibigay ang lahat sa anak. At ayaw daw niyang mamroblema pa ako. Ever.

Pero mahalaga pala sa buhay ang mga problema. Sa bawat problemang nalalampasan, nakaka-gain ka ng self-confidence at self-respect. Sinasarili ko na lang itong mga himutok ko dahil alam ko, babatukan ako ng nakararami kung ieere ko. Napaka-privileged ng issue ko sa buhay, lalo na at alam ko naman na hindi ako uubrang tindera ng banana cue if ever. But who knows? Maybe I'd be the greatest banana cue

vendor in the universe. But I would never find out, kasi nga, *I'm so privileged.*

But enough about me, mahaba pa ang istorya. Blooming din si Greg kahit tumataba na ang lolo mo. Bakit ganoon? Kapag lalaki, mas nagiging distinguished-looking kapag tumataba. Kapag babae, naku po! Si Greg, mas mukha nang big fish ngayon kahit nakatsinelas lang at shorts na checkered. Ang T-shirt, compli ng cement company.

Kapapasok lang niya sa bahay dahil hinakot pa ang mga pagkain galing sa sasakyan. May isang malaking foil tray, dalawang malalaking paper bag, isang pakwan, dalawang melon, at isang bungkos ng singkamas. Ipinatong niya

ang mga iyon sa mesa dahil nagsimula nang yumugyog si Goyo na karga ni Tess, nakita ang ama. Parang si Fish kapag nakita si Lacey.

“Where’s Papa? Where’s Papa?” si Tess kay Goyo.

“Come to papa…” Dramatic ang paglapit ni Greg kay Goyo. Slow-mo kunwari.

My son shrieked with delight, nagkukumawala na kay Tess.

Nang makarga ni Greg ang anak, pinupog ng halik, itinaas sa ere, at pigil ko ang hininga ko. Baka mabitawan, juskoh, pinaikot pa!

“Greg!” awat ko. “Baka mabalian!”

“Hindi, matibay ‘yan, mana sa papa. Wheeee!”

Humahalakhak na si Goyo.

"Bawal na 'yan ngayon!" hirit ko pa habang handang saluhin ang anak ko kung saan siya tatalsik. "Woke na ang mga tao, hindi na ganyan!"

Hinagis-hagis pa kunwari ni Greg si Goyo. "Wheeee! Isa pa? Isa pa? Wheee!"

Nayanig na rin ang maternal instinct ni Tess. "Hoy, Gregorio, tama na nga! Mapipigtal ang kilikili n'yan!"

Nakinig sa asawa si Greg, tumigil. Niyakap na pahiga si Goyo, inihele nang mabilis. "Sino ang pogi? Sino ang kamukha ng papa?"

Delulu si Greg. Mas kamukha ng tatay ko si Goyo. Despues, kamukha ko. Hindi ko alam kung bakit hindi makita iyon ng mga tao samantalang kitang-kita ko. Lamang na lamang ang dugo ko kay Goyo. Kaya hindi ko masyadong

sinasabi na pogi ang anak ko. Hindi pa siya pogi, LOL. Sa edad na walong buwan at three days, may kaitiman si Goyo, pango pa ang ilong—tumubo sana ang bridge balang-araw—kumukulot ang mga dulo ng buhok, chubby gawa ng Similac.

At sa totoo lang, hindi ko sinasabi kahit kanino, minsan may anggulo si Goyo na kamukha ni Andres. Parang baby Antonio Banderas ang anak ko. May Latino factor. Totoo yata ang nabasa ko sa Facebook. May naiiwan daw cells sa mga babae lahat ng nakatalik na lalaki. Baka may cells din si Andres na nasagap ni Goyo noong dumedede pa sa akin, nag-incorporate din ang mga cells na iyon sa development ni Goyo. Ano nga kaya?

The thought never failed to amuse me. Sana totoo, para winner ang sex appeal ng anak ko kapag nagbinata.

Inayos na lang namin ni Tess ang mga pagkain sa mesa.

“Saan kayo galing?” tanong ko. Naka-shorts at T-shirt lang din si Tess, nakatsinelas.

“Sa mga Nanay, gawa ng nagpapatulong ang inaanak nila sa kasal ng Tatay, nawawala ang anak. Baka daw matutulungan ni Greg ilapit kay General ang kaso,” sagot ni Tess, ewan kung sinong general ang tinutukoy.

Sumabad si Mona. “Hindi pa nakikita si Gelli, Tita?”

“Hindi pa. Baka naman nagtanan nga. Baka alam mo, magsalita ka na,”

sabi ni Tess.

“Wala akong alam, Tita. Nandito ako, nabalitaan ko na lang sa FB, nawawala.”

“May boyfriend ‘yon?” tanong ko. Inilagay ko sa plato ang inihaw na manok. Humahalimuyak. Napatahol si Fish mula sa labas.

“Meron daw dati, pero hindi rin daw alam no’ng lalaki kung nasaan,” sabi ni Tess, isinama sa manok ang laman ng isa pang supot—inihaw na mga liempo.

“Kailan pa nawawala?” Lasagna ang laman ng foil tray. Yummy! Naglabas na ako ng mga plato.

“Mahigit isang buwan na.”

“Ha?” bulalas ko. Ayon sa mga crime docs na pinapanood ko sa YT at Netflix, kapag ganoon na katagal nawawala ang

isang tao, may chance na… tegi na. “Baka nakuha ng white van.”

“Sabi nga namin,” sang-ayon ni Tess.

“Tawagin ko lang si Lacey,” ‘kako. Pumanhik ako sa mababa naming hagdan, walang pakundangan kong pinasok ang kuwarto ni Beloved Stepdaughter. “Lacey? Lacey…” Tinapik ko sa braso ang bagets, tulog na tulog, nakanganga. “Lacey!” Inalog ko na.

Nagising. Dumilat na parang wala pa sa sarili.

“Kain muna.”

Umungol si Lacey. Pinatay ko ang AC niya na courtesy din ni Greg, at iniwan ko na.

“Mona, kunin mo muna si Goyo sa papa niya. Kain na muna, Greg,” ‘kako.

Umiyak si Goyo, ayaw kay Mona.

Ako man.

“Laruin mo sa kuwarto niya,” sabi ko kay Mona.

Nagsisimula na kaming kumain nang lumabas si Lacey. “Hi, Tito. Hi, Tita.” Bineso pareho sina Greg at Tess, sabay upo sa kanan ko. Nasa kabisera ako. “Lasagna ‘yan?” turo niya sa tray.

“Oo.” Isinudlong ni Tess palapit kay Lacey ang tray.

Parang napunta sa langit si Lacey nang matikman ang lasagna. “Mmmmm.” Pumikit pa, sabay, “Can I live with you?” sabi kay Tess.

“Hindi naman ako ang nagluto n’yan,” sagot ni Tess.

“I know, but you can buy me this food every day.”

“Ayaw mo na ng luto ko?” ‘kako.

"Same, same, same," sagot ni Lacey. "Menudo this, menudo that."

"At least hindi NSYNC." Sabay kaming tumawa ni Tess with matching apir.

"What?" Clueless ang Gen Z sa mesa.

Kumanta si Greg. "'If *yor* not here, by my *sa-aayd*...'"

"Owww-kay," sabi ni Lacey. "Old people and their inside jokes."

"Aba, 'wag isnabin ang Menudo," 'kako. Grade one yata ako nang sumagi ang Puerto Rican band sa kamalayan ko, dahil kay Ate Dalen na high school noon. Baliw na baliw sa Menudo, nag-seizure nang mapanood ang mga iyon sa Eat Bulaga. Sinong grade one ang hindi mato-trauma? Si Dalen ay pinsan ko na no'ng tumanda ay intrigera. *Hindi na*

*nahiya ka Robi Rosa, ih*.

Tumunog ang cell phone ni Tess. Sinilip niya pero, *ignore*.

“Sino?” tanong ni Greg sa esposa.

“Si Bunik. Sasabihin lang naman napadala na niya ang picture ni Gelli. Kailangan pa bang itawag? Sipsip lang ‘to sa ‘yo,” sabi kay Greg. “Na-receive ko na.” Nag-swipe si Tess sa phone. “Ito, o.” Ipinakita kay Greg ang screen.

“Patingin.” Inunahan ko si Greg na hagipin ang cell phone dahil mas malapit sa akin si Tess.

Picture ng teenager, close-up. Straight black hair, lampas-balikat. Oval ang mukha.

“Maganda siya. Ito ang nawawala?” ‘kako.

Tumango si Tess. “Kaya nga takot na

takot ang ama."

"Nasaan ang nanay?" tanong ko dahil tatay lang ng nawawala ang binabanggit ni Tess.

"Ulila na 'yan sa ina. Ang tatay, nagtatrabaho sa bangko, rural bank, manager doon."

"So, may-kaya sila," tango ko.

"Oo, sa private school napasok 'yang si Gelli."

"Baka naman nag-away ang mag-ama," sabi ko pa.

"Naku, hindi. Mahal na mahal 'yan ng tatay niya. Spoiled nga."

"Someone's missing?" si Lacey, kandasilip sa hawak kong phone.

Iniharap ko na sa kanya. "O."

In-adjust ni Lacey ang kamay ko para makita nang maigi. "Yeah, she's

pretty."

"One month na siyang nawawala daw," sabi ko pa. Conspiratorially dahil classmates kami ni Lacey sa mga crime docs and shows. These days, nagma-marathon kami ng *Dexter Resurrection*.

"She looks kind of familiar," sabi ni Lacey. "Actually..." Kinuha niya na sa akin ang phone ni Tess, mas tinitigan ang picture.

"Kilala mo?" Na-excite si Tess.

"No, not really, but I think..."

Kumahol na naman si Fish sa labas.

"Oh, shoot!" bulalas ni Lacey. "I know! I saw her with Sam!"

"Sam? Sa tapat?" 'kako.

Tumango si Lacey. "Yeah, it's her."

"Kailan mo nakita?" si Greg.

"A while back. I think, more than a

month, maybe two months… less," sagot ni Lacey.

"Good. Good," sabi ni Greg, inilabas ang sariling cell phone. "Tawagan ko si Kapitan para kausapin nila 'yong Sam."

"She doesn't talk much," sabi ni Lacey.

"Oo nga. Parang may something ang batang 'yon," sang-ayon ko. "Aloof sa tao."

"Parang ikaw," sabi ni Greg, sabay tawa.

"Oo, maganda kami pareho," sabi ko.

"What's her name?" Ibinalik ni Stepdaughter ang phone kay Tess.

"Gelli. Gellen Ashley Tejada."

Nag-excuse si Greg at sa balkonahe kinausap ang kapitan sa baryo nina

Tess.

“Sana makita pa,” sabi ko.

“Doubt it,” sabi ni Lacey.

“Bibig mo, ‘oy,” saway ni Tess. “Baka magdilang-anghel ka d’yan. Knock on wood.” Kumatok siya sa mesa.

Pagbalik ni Greg sa mesa, may masamang balita. “Sasamahan daw dito ni Kapitan ‘yong tatay para makausap ‘yang kapitbahay n’yo,” sabi.

Meaning, may bisita na naman ako na hindi puwedeng itaboy dahil may malasakit naman ako sa kapwa ko magulang.

# *Chapter 3*

NA KAY GREG na naman si Goyo. Nasa nursery ang mag-ama, tinuturuan ni Greg na maging Leon Guerrero ang anak gamit ang baril-barilan na soft darts ang bala. Pang seven to twelve years old pero walang *pake* ang *machong* tatay kahit wala pa namang motor skills ang anak. Inihilera ni Greg ang mga toy blocks sa ibabaw ng toy chest, tina-target ang mga iyon. Sa tingin ko, mas nag-e-enjoy si Greg sa laro.

‘*Tapos beki pala si* Goyo, sa isip-sip ko

at tawang-tawa ako na bumalik na lang sa komedor. Ano kaya ang gagawin ni Greg if ever mag-out si Dayunyor? HAHAHA.

Kumuha ako ng marikit na platter. “Mona, isalin mo dito ‘yang lasagna para hindi mukhang tira. ‘Tapos maghiwa ka ng pakwan at melon, i-chill mo.”

“Opo, ate.”

“Pero bago ‘yon, ‘paghiwa mo kami ni Tess ng singkamas.” Dinampot ko ang isang bungkos.

“Lahat ‘yan?” Nakangiwi na naman si Mona.

“Oo, maliliit lang naman ‘to.”

Pinuntahan ko si Tess sa balkonahe. “May kailangan kang malaman,” ‘kako.

“Ha?”

“Dito ka,” tukoy ko sa hagdanan, dahil mas gusto ko pa ring doon umupo kapag nasa balkonahe. Sa gitnang baitang ako pumuwesto.

Sa likuran ko pumuwesto si Tess. “Magkukutuhan tayo?”

“Puwede rin. Try mo nga, baka meron.”

Sinimulan na ni Tess maghanap ng kuto. “Wala naman, balakubak meron. Saka uban. ‘Dami mo nang puti, o!”

“Bunutin mo, singko isa.”

Kinutusan niya ako. “Sampu-sampu na ang bigayan ngayon, oy.”

“‘Di nga?” Tumingala pa ako sa kanya.

“Oo nga. Dry ang buhok mo. Uban na nga, patay pa,” aniya, ramdam kong may binunot. Ipinakita sa akin: kinky

na uban.

"Ang cute. Ang sarap, isa pa," 'kako. Kung papipiliin ako kung bubunutan ng uban o makikipag-sex, pipiliin ko ang una. Always. Overrated ang sex.

May binunot uli si Tess, masakit-sakit na masarap. "Ano ang sasabihin mo?"

"Oo nga pala. Tungkol d'yan sa tapat." Inginuso ko ang gate. "Baka mapagaya ka sa 'kin, awkward."

"Ano 'yon?" Parang gagawing hostage ni Tess ang uban ko 'pag hindi ko agad sinabi.

"Ang nakabili niyang farm d'yan, si Mr. Sales. Arturo Sales. Aloof din sa tao 'yon. Nakilala ko lang gawa ni Paeng. Nakita niyang pinuputol ang mga kawayan do'n sa likuran ng bahay na

'yan, pinuntahan niya, baka daw ipagbibili. Sayang daw kasi. Hindi naman binenta sa kanya, binigay na lang. 'Tapos hinakot nila sa pickup ni Paeng. Inusyuso ko lang, pinakilala sa 'kin si Sir Arthur."

"Sir?" sabi ni Tess.

"Oo, mukhang Chavit ang arrive. Yayamanin."

"'Tapos? Nasa'n pala si Paeng?"

"Nasa piling ng mga hayop," 'kako.

Kinalog ni Tess ang ulo ko. "Ang tinatanong ko talaga, ano ang ganap n'yong dalawa? May relasyon ba kayo? May ano..."

"Ang sinasabi ko talaga, wala kaming ano—maski ano. Parang... hindi ko din alam. We're more than friends but not more than that. Wala

talaga. He cares, I care, gano'n lang."

"Baka natotorpe lang?"

"Poproblemahin ko ba 'yon? Sa mga panahong ito, si Goyo lang ang lalaki sa buhay ko. Ayaw ko ng iba." Hindi ko na lang sinabi na ang libido ko ay lumalagapak na zero. Baka itsismis pa niya kay Greg, maintriga pa tuloy ang lolo mo at pag-interesang buhayin ang pagnanasa ko. Hindi ako nagmamaganda, alam ko lang somehow, kung paano umandar ang utak ng mga lalaki, lalo na ang mga proud men like Greg. Hindi magiging big time iyon kung hindi bilib sa sarili. At ayokong magkaroon ng kahit katiting na intriga sa pagitan namin ni Tess. Mahirap nang imaniobra iyong katotohanan na ako ang nanay ng anak

ni Greg dahil bago sila nagkarelasyon ni Tess, may fatal attraction chenes muna kami ni Gregorio. Aware ako na maraming umiintriga sa samahan naming tatlo, huwag nang dagdagan. Kung kailangan kong mag-adjust all the time, so be it.

"Kung bigla kang ligawan? Magtapat?"

"Sa 'yo ko unang sasabihin," 'kako. "'Wag si Paeng ang problemahin mo, may tsismis ako."

"Ano nga kasi 'yon?"

"Si Sir Arthur nga at 'yong si Sam, napagkamalan kong mag-ama noon. 'Yon pala..."

"Mag-jowa?!"

Tumango ako. "As in. Sobrang sweet nila. Hindi naman sa umamin sila sa

harap ko, pero ‘yon nga, binigyan ni Sam ng beer si Sir at si Paeng, ‘tapos naglambingan sila.” Hinalikan ni Sam sa labi si Sir noon, kandahaplos naman sa tagiliran ni Sam si Sir Arthur. Nagkatinginan na lang kami ni Paeng that time.

“Eh, sabi mo bata pa ‘yong Sam?”

“Disiotso.”

“Si Sir?”

“Senior na.”

“Kasal sila?” tanong pa ni Maritess.

“Ewan, hindi yata. At wala na akong ibang alam sa kanila. Aloof nga kasi sila at given the situation, gets ko naman kung bakit mas gusto nilang umiwas sa mga people.”

BANDANG alas-dos ng hapon nang

mabalatan ni Mona ang mga singkamas—*grrr*—pero dumating na rin sina Kapitan Rolly at Mr. Lloyd Tejada. Nasa sesenta na rin ang kapitan habang kasing-edad ko naman ang tatay ni Gelli. Ipinasa sa akin ni Greg si Goyo at sinamahan sa tapat ang dalawa. Pasimpleng sumunod si Maritess. Gusto ko din sana, kaso baka ma-overwhelm sina Mr. Sales. Kutob ko ay may asawa pa iyon at nagtatago dito with his very, very young mistress.

Nakaabang na lang kami ni Goyo sa balkonahe. Lumabas naman ng lungga si Lacey, inakbayan ako at inihilig ang ulo sa balikat ko. Para magselos si Goyo at umiyak.

Tagumpay.

Kandatulak si Goyo sa pagmumukha

ni Lacey habang umaatungal. Humagikgik naman si Stepdaughter. “Wala kang mama, akin ‘tong mama, ‘wawa ka!” sabi pa.

“Nananahimik ang bata, eh,” sabi ko. “Patahanin mo, o!” Inilapit ko kay Lacey si Goyo. “D’yan ka sa ate mong luka.”

“Noooo!” angal ni Lacey, dumukot sa bulsa ng cycling shorts. “I need to call someone. No cell phone, remember?”

Sa bahay namin, may batas ako. Bawal kaming gumamit ng cell phone kapag kaharap si Goyo. Para hindi maintriga ang anak ko kung ano ang cell phone; para hindi niya gustuhin na mag-cell phone din. Para din solo ni Goyo ang atensiyon ng kasama niya, kung sino man iyon sa amin nina Lacey.

Bumaba si Lacey, panay binti at galamay. *Pagkahaba ng batang ito*, sa loob-loob ko. Five-seven na ang height, 110 pounds lang naman. Maski pakainin ko nang pakainin, hindi tumataba. At ayaw lang maniwala ng marami, malakas lumamon si Lacey. Parang si Ned talaga, my late hubby na tatay ni Lacey. Oh, yes, hindi ako ang biodegradable na nanay ni Lacey dahil taksil pala si late hubby, may affair sa nanay ni Lacey simula pa noong bago kaming kasal. 'Saklap, 'di ba? Muntik ko nang i-chop-chop si Lacey noong una kong nakilala dahil galit talaga ako sa natuklasan ko.

But life gives you lemons because lemonade tastes great.

Lacey was my lemonade. I loved her

so much now. Kahit may Goyo na ako, mahal na mahal ko pa rin si Stepdaughter. Ibubuwis ko ang buhay ko para kay Lacey, no doubt about that. Isipin ko pa lang kung gaano ko kamahal si Lacey, naluluha na ako. Or I was just terribly hormonal.

Kasunod agad ni Lacey si Fish na bigla na lang sumulpot mula sa kung saan. Kinarga niya ang doggo sa isang braso habang hawak sa kabilang kamay ang cell phone. Adult na si Fish at purong muscle ang lintik. Hindi ko ma-explain kung paano iyon nabubuhat ni Lacey nang walang effort. Hindi ko rin ma-explain kung bakit ang napakaarte at napakaselang teenager, nagagawang makipaghalikan sa aso. Idagdag pang maalikabok si Fish at nalalagasan din

naman ng balahibo all the time. Eww. At kung gusto mong kasuklaman ka ni Lacey, pitikin mo sa itlog si Fish. Sinubukan ko minsan, nag-alsa-balutan si Lacey, nagpasundo sa tiyuhin niyang si Paeng.

Si Paeng ang "jojowain o totropahin?" ko. Siya ang matikas na binatang uncle ni Lacey. Yes, brother ng kabit ng yumao kong esposo. Nasaan naman ang querida? Wala na. Kasama ni late hubby na nasawi sa eroplanong sinasakyan. Kaya nasa akin ngayon si Lacey.

At speaking of late hubby Ned, isa siyang piloto noon. At si Lacey, gusto rin daw maging piloto. *Juskong* mahabagin. Nagtanong-tanong ako kung magkano ang tuition ng nagpipiloto, aba, milyon!

Plus a four-year course na requisite daw. Handa naman daw magsangla ng kaluluwa si Paeng para sa pamangkin, pero hindi lang naman iyon ang issue ko. Takot ako. Baka mamaya, matulad sa ama si Lacey, masawi sa plane crash.

Ayokong isipin. Senior high pa lang naman si Lacey, saka ko na poproblemahin. Sana magbago ang isip at mag-optician na lang. Ayon sa aking research, iyon daw ang pinaka-not stressful na career. Tagasukat at tagabenta lang ng eyeglasses. Ayokong ma-stress si Lacey in the future.

Umakyat na uli si Lacey, ibinulsa ang cell phone.

"'Wag kang lalapit." Iniiwas ko agad si Goyo. "Amoy-aso ka. Mag-shower ka na muna," 'kako.

"I'm gonna wait for them." Sumalampak siya sa kawayan naming sofa sa balkonahe.

"'Wag ka din d'yan, didikit ang balahibo ni Fish sa kutson," saway ko. Okay lang sana kung hindi kami tumatambay ni Goyo doon.

Bale-walang lumipat sa sahig si Lacey, nagselpon. Sanay na siya na mas maselan pa ako sa brain surgeon pagdating kay Goyo.

# *Chapter 4*

PINASILBI ko kay Mona ang lasagna at chilled fruits sa balkonahe, pagkatapos ay ipinasa ko sa kanya si Goyo.

"Iwan mo cell phone sa mesa," 'kako. Alam kong pumupuslit siya minsan at kadalasan. Kailangan, kay Goyo lang siya nakatutok. Kantahan niya, kamutan, maski ano, basta hindi dedeadmahin. Paano kung may maisubo palang kung ano si Goyo at malunok? O ma-choke?

"Meryenda muna tayo, Kapitan,

Lloyd," anyaya ni Tess sa mga panauhin. Magkatabi sa sofa na kawayan ang mga iyon, nakatayo naman sa may bintana si Greg. Si Tess ay nasa trono, iyong luma kong dining chair na may ukit-ukit, pininturahan ko ng Mykonos blue.

"Sila lang ang magmemeryenda," biro ko, ipinakandong ko sa kanya ang bowl ng singkamas. "'Yan ang sa 'tin." Hinila ko ang kapartner ng Mykonos blue chair sa tabi ni Tess.

"Thank you," sabi ni Greg, akmang uupo.

"Akin 'to." Sabay naupo ako. "D'yan ka na lang sa pasimano. Tumingin ako sa kapitan ng Masasa. "Ano po'ng sabi ni Sir Arthur?" Pansin kong nawawala sa eksena si Lacey. Lumabas ba o nasa kuwarto uli? It made no sense dahil

naghihintay din iyon ng balita, bakit magkukulong sa kuwarto?

“Ay, de ‘yon nga, nakita daw niya isang beses kausap no’ng Sam.” Tinanggap niya ang inialok na lasagna ni Tess. “Salamat.”

“Matagal na rin daw, mahigit na daw isang buwan kung hindi siya nagkakamali,” sabi ni Lloyd, kinuha din ang platitong inialok ni Tess pero ibinaba din agad sa mesita. “Hindi daw maalala ang eksaktong petsa.” Nangingitim ang eye bags pati talukap ni Lloyd, mapula din ang mga mata, halatang pagod at puyat. Parang nanlalagkit ang hitsura. Ikaw ba naman ang mawalan ng anak? Awang-awa ako.

“Anong sabi ni Sam?” follow-up question ko.

"Mga one month na nga daw no'ng huli niyang makita. Hindi naman daw nagtagal, may kinuha lang na libro. Umalis na rin daw agad. Tanghali daw 'yon. Mga ala-una."

Nag-isip ako. "Sabi ni Lacey, 'yong daughter ko, nakita niya na kausap ni Sam kaya niya namukhaan. Kung nakita ni Lacey, meaning, Saturday 'yon o Sunday." At gising na nga si Lacey ng ganoong oras. Most probably, katatapos lang naming mag-lunch. "Ano daw ang suot ni Gelli no'ng pumunta doon? Tanda ba ni Sam?" I was not even sure kung itinanong nila iyon.

Pero tumango si Lloyd. "Saturday ng umaga ko nga huling nakita. Paalis ako, nakahiga pa siya. Jeans daw, saka 'yong Adidas, stripe na T-shirt ang suot, sabi

ni Sam."

"'Yon ang suot ni Gelli no'ng huling makita?" tanong ko.

"Sabi no'ng may tindahan sa amin," tango ni Lloyd. "Parang stripe nga daw ang suot, nagpa-GCash daw si Gelli ng three thousand."

"Three thousand? Normal ba sa kanya 'yon?" 'kako.

Nagkibit-balikat si Lloyd. "Naisip ko, baka may babayaran sa school."

"Ano'ng sabi sa school?"

"Wala naman daw project, saka kahit meron, hindi naman gagastos ang mga bata ng three thousand. Inisip ko rin, baka may inorder online, pero wala namang dumating na delivery sa bahay."

"Napagalitan mo ba?" tanong ko pa.

Umiling si Lloyd. "The usual lang, pinagsasabihan ko sa pagseselpon, 'wag masyadong magpuyat, mga gano'n. Pero hindi major na away para maisipan niyang maglayas." Parang may naalala si Lloyd. "Noon palang bago siya nawala, a few days, sabi niya gusto daw niyang magtrabaho sa bakasyon, part time. Sabi ko, what for? Hindi niya kailangang magtrabaho dahil kaya ko naman siyang pag-aralin. Kaya ko namang ibigay ang mga gusto niya, bakit siya magpapakahirap? I-enjoy na lang 'kako niya ang bakasyon. Parang disappointed siya, pero hindi kami nag-away."

Tatango-tango ako. Napakanormal naman ng mga eksena ng mag-ama; eksena rin namin ni Lacey. Minsan may

iringan, pero hindi aabot sa paglalayas. Unless, pipitikin ko uli ang itlog ni Fish.

"Nasaan nga kaya ang batang 'yon?" Nasabi ko na lang.

"Sumakay daw ng tricycle noon, nagpahatid sa palengke," sabad ni Kapitan. Kinausap ko naman nang masinsinan 'yong drayber, pinanindigan ang sinabi niya. Sa palengke niya inihatid, sinuklian pa daw niya ng beinte-singko ang ibinayad ni Gelli dahil may sumakay daw sa likod kaya kalahati na lang ang bayad, imbes na singkuwenta. Saka kilala ko rin naman ang batang iyon, taga-Masasa din, kumpare ko ang ama. Hindi naman gagawa ng masama. At kung may ginawa man, imposibleng walang makaalam na taga-amin. Pag-uusapan

at pag-uusapan iyon, hindi maitatago. Pero, wala, eh. Walang alam ang mga taga-amin. Gulat lahat."

"Nabanggit po ba ng driver kung may dalang bag o ano?" sabi ko.

"Wala daw. 'Yon lang daw maliit na bag na nakasukbit sa likod na maraming palawit na *Lamumu*."

"Labubu," ani Tess, for my benefit.

*Hmmm*, sa loob-loob ko, diyata't may sapi nga ang mga Labubu?

"Ano po ang sabi ng mga pulis? Nag-iimbestiga ba sila?" 'kako.

Tumango si Lloyd. "*Nagkakanbas* daw sila sa mga paradahan. So far, negative. Walang nakakaalala kung nakita si Gelli. 'Yong CCTV sa bus stop, sira naman pala. Ang target ngayon ng mga pulis, 'yong mga CCTV ng mga

establishment malapit sa mga paradahan. Medyo marami daw pero iniisa-isa nila."

"Nakausap ko na rin si General Oca, sasabihan niya ang mga pulis na i-prioritize at 'wag tigilan," report ni Greg.

Samakatuwid, heneral ng PNP si Oca.

"Kung may maitutulong pa kami, sabihin mo lang," sabi ko kay Lloyd.

"Detective 'yang dalawang 'yan. Matitinik," sabi ni Greg.

Nag-apir kami ni Tess. "Pero seryoso, Lloyd, kung may lead ka na gusto mong i-pursue at kailangan mo ng tulong, chat mo lang ako," sabi ni Tess.

"Oo nga," sang-ayon ko. "Halimbawa, may mga tao kang

gustong tanungin, puwede mong ibigay sa amin ang pangalan, iba-background check namin or if kailangan, pupuntahan namin.”

Ngumiti si Lloyd. “Salamat. Gusto ko nang makausap lahat ang mga kaklase ni Gelli, mga teacher…”

“Sige, bigyan mo kami ng listahan. Iisa-isahin namin,” sabi ni Tess.

“Salamat sa inyo. Maraming-maraming salamat. Malaking bagay ito,” sabi ni Lloyd.

Hindi nagtagal, nagpaalam na sina Kapitan Rolly at Lloyd. Nagpaalam na rin sina Tess kay Goyo dahil ihahatid na nila sa Masasa sina Kapitan. Nagbiyahe lang ang mga iyon papunta sa amin.

Binuksan ko ang gate para mailabas ni Greg ang sasakyan. Bumusina siya

nang madami bago sumibat sa kalsada. Isasara ko na ang gate nang mamataan ko si Lacey, tumawid.

“Kinausap mo si Sam?” usisa ko. Magkasabay na kaming pumasok sa bakuran.

“And she’s lying through her teeth,” sabi ni Lacey.

“What do you mean?”

“I think she knows where Gelli is.”

“Ha? Sure ka? Paano mo nalaman?” Iginiya ko si Lacey na maupo sa baitang ng hagdan. She refused. Pero tumigil naman sa hagdan.

“Tinanong ko siya kung kailan niya last nakita si Gelli. One month na daw. Paano sila nagkakilala? Sa Valorant daw.”

“‘Yong nilalaro mo?”

Tumango si Lacey. “Nagkita daw sila sa Starbucks one time, eyeball. Hindi naman daw sila close, na-curious lang sila sa isa’t isa. Nagpunta lang daw si Gelli noon d’yan para kunin ang libro kay Sam, which is bull.”

“Bakit bull?”

“Sam doesn’t read! Hello? Does she look like a bookworm to you?”

“Hmmm, oo nga. Saka wala akong kilalang sugar baby na book lover kasi wala siguro silang time, kailangan nilang paulanan ng atensiyon ang mga sugar daddies nila.”

Tinaasan ako ni Lacey ng isang kilay. “Don’t judge the book,” sabi.

“Ikaw ang may sabi d’yan na hindi mukhang bookworm si Sam!”

“Yes, but I didn’t say it’s because

she's a sugar baby. It's just her personality, it doesn't have anything to do with her, um, life choices, and we shouldn't judge her for that also. We don't know her circumstances."

Napanganga ako. "Wow, de ikaw na ang presidente!" Iyon lang naman ang pinagtatalunan namin palagi. Woke vs not woke. Minsan, pinilit kong manood ng nineties action movie, galit na galit. Unfair daw ang treatment sa female lead, misogynist daw ang action hero, and "*Why is everyone calling gay men 'faggots' and African Americans 'niggers?'*"

I gave up. Sinarili ko na lang ang mga paliwanag ko. Sasabihan lang ako na excuses iyon.

"We need to find out what Sam

knows," sabi ni Lacey.

"Paano?"

"I'll poke around the bush."

Napaisip ako bigla, nag-panic. "Teka muna, wait! Paano kung… may ginawa pala sila kay Gelli? Paano kung hindi pala umalis d'yan si Gelli?"

"You think they buried her in the backyard?" Namilog ang mga mata ni Lacey.

"Aba, malay mo? 'Tapos, aali-aligid ka doon, baka ikaw naman ang mapahamak. Ayokong pumasok ka sa bakuran nila mag-isa."

Mukhang tanggap naman ni Lacey ang concern ko, tumango, at, "I know! I'll use Fish."

Narinig ng doggo ang pangalan, kumahol at lumapit sa amin.

“We need a piece of Gelli’s clothing,” sabi pa ni Lacey.

“Ipapaamoy mo d’yan kay Fish? Hindi naman ‘yan cadaver dog. Not even a search dog.” Mga hindi ko gustong makita ang hinuhukay ni Fish kung saan-saan—bulok at naagnas na *brip* ng kung sino; ulo ng manyika na binahayan ng alupihan ang eyeballs; bota ng katipunero, mga ganoon.

“I’ll teach him,” confident na saad ni Lacey. “I’ll also use him to befriend Sam more.”

“Hindi ka papasok sa bakuran nila mag-isa,” giit ko.

“Sure. I’ll just observe from afar.”

Feeling ko, sinabi lang iyon ni Lacey para tumigil na ako. Kailangan ko pa ngayong i-observe from afar si

Stepdaughter.

# *Chapter 5*

MARTES ng umaga. Napaliguan ko na si Goyo kaya dapat na siyang matulog. Kandahele ako at kanta. Jukebox hits ang binabanatan ko, mula Didith Reyes hanggang Jessa Zaragoza. These days years old ako nang matutunan ko na kapag pala nanay ka, pati jukebox songs, ide-dedicate mo sa anak mo. Gaya ng, "'Parang 'di ko yata kaya, kung sa buhay ko'y wala ka…'" Pinalaki ko pa ang boses ko.

Tinawanan ni Goyo ang rendition

ko.

Natawa din ako. “Ah, ganern?” ‘kako. “Type mo si Jessa? Ano ka, si Dingdong? Dingdong ka? Ha? Ha?” Pinupog ko ng halik sa leeg. Humalakhak na naman ang anak ko, tumili pa, dinakma ang pagmumukha ko. “Ay, Barbie, *yarn*? Barbie ka? Barbie ‘yan? Pinapatulog kita, ‘wag mo ‘kong ngisian d’yan, matulog ka, matulog ka, matulog kaaaa….” Sinubuan ko uli siya ng dede niya. Itinulak lang ng dila, talsik. “Mona! Mona!”

Humangos paakyat sa balkonahe ang saguiguilid. “Ate?”

“Nasa’n ka ba? Five seconds na, may germs na ang dede. Palitan mo ng tsupon,” turo ko sa tumilapong dede.

“Opo.”

"Ano ba ginagawa mo sa labas?" Hindi ako maka-relate sa mga taong tumatambay sa labas ng bahay kapag walang ginagawa.

"Dumaan lang sina Kagawad, ate. Nanghihingi ng donasyon para sa swimming pool daw."

"Swimming pool? Dito sa barangay?"

"Opo daw. Para daw po sa mga bata. Nagbabahay-bahay daw po sila. Sabi ko, may ginagawa ka pa, bumalik na lang sila."

"Okay," tango ko. "'Pag bumalik, bigyan mong isang litrong tubig."

"Ate?" Napa-double take ng kurap si Mona.

"Para sa swimming pool, 'di ba?" Nako, don't me. Malamang

magdedelihensiya lang ng pang-swimming ang mga kagawad na iyon.

“Si Ate!” Lumabi si Mona.

“Palitan mo na ‘yan,” tukoy ko sa tsupon. At ang tinamaan ng magaling kong bebe, kung kailan hindi ko pinansin, saka namungay ang mga mata. Hindi na ako kumanta, inihele ko na lang nang banayad hanggang tuluyan nang pumikit. Mga five minutes ko pang ipinaghele bago ko dinala sa kuwarto at dahan-dahang ibinaba sa crib. “Shhhh, sleep lang ang bebe...”

*Sakses!* Hindi nagising. Binuhay ko ang aircon. Panukala ni Greg, para daw mukhang Atenista ang anak niya, naka-AC dapat buong araw. Pero hindi alam ni Greg, sa kuwarto din ni Goyo ako

nagsi-siesta, at sa gabi, doon din ako natutulog. Para hindi tatlong AC ang nakabukas sa bahay. Para kaming mga prinsesa ng Albanya kung tig-i-tig-isa pa kami ng AC. Si Mona lang ang yagit. Walang kuwarto si Saguiguilid, sa sala lang siya naglalatag ng mattress kapag gabi. Pero kung sobrang init at feeling generous si Lacey, pinapatulog sa kuwarto niya si Mona.

Wala naman akong gagawin kaya humilata na lang ako sa mattress sa tabi ng crib. Nagselpon ako. *Sinearch* ko sa FB si Gelli Tejada. Nagi-guilty ako. Nangako ako kay Lloyd na tutulong para mahanap ang anak niya pero ilang araw na ang lumipas simula nang mangako ako, hindi ko pa nasisimulang tuparin. Sabado sila nagpunta sa bahay

at pagkaalis nila, naisipan namin ni Lacey na manood ng sine. Kumain na din kami sa labas. Kinabukasan naman, dumalaw kami kina Mother, doon kami nag-lunch. Pag-uwi namin, itinuloy na namin ni Lacey ang *Dexter Resurrection*. Lunes, bakuna day ni Goyo. Pagkatagal naming naghintay sa clinic ng pedia. Bandang gabi, may sinat si Goyo kaya aburido ako.

Nawala sa isip ko si Gelli.

Gaya ni Lacey, may FB account din naman si Gelli. Pero gaya din ni Lacey, hindi active sa naturang app si Gelli. Ang huling entry, several months old na. Nag-scroll ako. Iilan lang ang posts. Walang selfie. Ang profile picture ay turtle. Baka nasa TikTok ang bagets. Pero wala akong balak mag-download

niyon.

Isa sa kakaunting posts ni Gelli ay group picture na kuha sa headquarters ng mayoralty candidate last election. Talo ang kandidatong ipinangampanya niya. Panalo sana dahil malakas sa mga kabataang tulad ni Gelli, pero two weeks yata before election, may kumalat na tsismis. Si Maritess pa ang nagbalita sa akin dahil, may paki ba ako sa halalan?

Ayon kay Maritess, nabuntis daw ni candidate ang isang empleyada, pagkatapos ay pinatay at ibinaon sa gubat ang labî. Nahukay naman ng mga asong uzi gaya ni Fish. 'Ayun, kahit anong tanggi at paliwanag ni candidate, the damage was done. Talo.

Pero hindi nga totoo ang tsismis.

Ayon din kay Maritess. Solid ang alibi ni candidate. Sa autopsy ng babaeng inilibing sa gubat, may idea ang awtoridad kung kailan iyon pinaslang. Nasa California si candidate noong mga petsa na tinatayang napaslang ang babae. Pumayag din si candidate na makunan ng DNA para makitang hindi siya ang ama ng sanggol na, unfortunately, hindi na naisilang. Namatay na kasabay ng ina.

Dismissed ang kaso kay candidate pero tapos na ang halalan. Ang aking munting bayan ang nagdurusa. Dating mayor pa rin ang nanalo. Same old, same old ang pamamalakad.

Naka-hospital arrest ako nang maganap ang hukayan ng bangkay sa kakahuyan. Sabi ni Tess, sinadya daw

nina Greg na huwag itsismis sa akin at baka tumakas ako sa ospital para mag-imbestiga. Mga timang. Iyong mga kasong pinagkaabalahan ko noon, kinarir ko dahil may kinalaman sa buhay ko. Ang babaeng buntis na inilibing sa gubat, hindi ko kilala. Hindi sa wala akong pake, pero, siyempre, safety ng anak ko ang priority ko kaya tiniis ko talagang mag-stay sa ospital hanggang makapanganak. Malabo akong sumawsaw sa kasong wala akong kinalaman.

Dinutdot ko isa-isa ang mga pangalan ng mga naka-tag sa post ni Gelli. Marami-rami din dahil groufie iyon. Naka-private naman ang iba kaya wala akong napala. Ang iba, walang interesante sa mga post. Pero may isa na

itim at kandila ang profile picture. Si Claudette Gold. Wala namang posts. Binura yata. Blangko na ang page.

*Tinype* ko sa search ang *Claudette Gold*. Mga white people ang lumitaw. Umingit si Goyo kaya kandaabot ako sa slats ng crib para tapikin ang hita niya. Nabura ang search ko. Inulit kong i-type: *Claudette* G. Gaya sa nauna kong search, pinangunahan ako ng algo. May lumitaw agad na Claudette Guinto. Hindi ko pinansin noong una, imbes ay tinapos kong i-type ang G*old*.

But now… *Wait a minute*, *kapeng mainit!*

Pinatulan ko ang suggestion ng algo. Hindi nagtagal, binabasa ko na ang news report ng Bandera online tungkol sa buntis na pinatay at ibinaon ang labî

sa gubat. Full story in the comments.

Napabalikwas ako.

Kilala ni Gelli ang ill-fated buntis. Magkasama sila sa kampanya noong halalan.

What if may kinalaman sa nangyari kay Claudette ang pagkawala ni Gelli?

Lumabas ako ng kuwarto, deretso sa labas ng bahay. Hinanap ko sa Messenger si Tess, natabunan ng ibang chatmates, pero si Tess na ang nagpakita. Biglang kumring-ring ang cell phone ko at pagmumukha ni Tess ang bumalandra.

“Hoy!” sagot ko. “Tatawagan pa sana kita, may nalaman ako!” Hindi naman ako masyadong excited.

“Hoy, ako din!” bulyaw din ni Tess sa akin.

"Kakilala pala ni Gelli 'yong napatay na buntis! Si Claudette!" report ko. Anong sinabi ni Mike Enriquez (*RIP*) sa delivery ko? Wala. Panis.

"Oo nga!" sang-ayon ni Tess. "Paano mo nalaman? 'Yan din ang sasabihin ko sa 'yo."

"Sa FB! Claudette Gold as in Guinto!"

"Bakit tayo nagsisigawan?"

Humalakhak kami.

Sabay, "Kailangan mong mag-Zumba!" Pasigaw pa rin si Tess.

"Ano 'kamo?!" Natuluyan akong mabingi. Allergic ako sa any form of physical exertion.

"Zumba! Mag-Zumba ka!"

"At bakit?"

"Hindi ako puwede bukas. Paluwas kami ni Greg. Ikaw na lang."

“Ano ‘yan, ticket sa concert? Zumba ‘yan, Tess, Zumba! Zumba and me don’t like each other.”

“Basta! Kailangan mong mag-Zumba bukas ng umaga. Nine a.m. sa Blue Zone.”

“Saan ‘yon?”

“Sa country club. Sabihin mo guest kita. Papapasukin ka na do’n.”

“Bakit ba pinipilit mo ‘ko? Mas sexy ako sa ‘yo, oy!”

Tumawa si Tess. “Wala kang balakang, excuse me. Magsu-Zumba kasi bukas ‘yong misis ni Arman Bagsic.”

Kilala ko ang pangalan. “‘Yong kandidatong suspek sa pagkamatay ni Claudette?”

“Mismo! Ka-Zumba ko si Mynette,

‘yong wife no’n.”

Naliwanagan sa akin ang lahat. “Ah,” tango ko.

“Oo,” sabi ni Tess.

“Kay Mrs. Mynette ko sisimulan ang imbestigasyon.”

“Oo. Tanungin mo kung kilala si Gelli, mga gano’n.”

“Duda ka na guilty ‘yong si Arman?”

“Hindi naman, pero maano ba namang tanungin? Siyempre, in a way na hindi halata.”

“Okay,” tango ko. “Ako’ng bahala.”

“Balitaan mo ako, ha.”

“Okay. Nine a.m., Zumba, Blue Zone.”

“Disco era ang theme,” pahabol ni Tess.

“May theme?!”

"Oo naman. Mas enjoy 'pag gano'n."

*Inferness*, na-excite ako sa Zumba na may theme. Dumeretso ako sa kuwarto ko pagkatapos naming mag-usap ni Tess. Maghahanap ako ng outfit na pang-disco. Kumatok si Mona. "Ate?"

"Ano? Bawal *bumale*."

"Hindi, ate. Nandito na uli sina Kagawad."

"Bigyan mo nga ng tubig."

"Ate naman."

Napilitan akong lumabas. Tatlong kabataang lalaki ang nasa gate. Nag-"magandang umaga" sa akin.

"Anong swimming pool?" kuda ko agad. "Saan kayo maghuhukay dito sa atin?"

"Hindi po," sagot ng nasa gitna. Nakasalamin, madaming pimples.

"Bibili lang po kami no'ng inflatable na malaki, ilalagay po sa court, para po 'yong mga bata na hindi nakakapag-swimming dahil sa pinansyal, maranasan naman po nilang mag-swimming kahit gano'n lang."

"Ah." Pahiya naman ang kaluluwa kong judgmental. "Okay na kaya ang isang galon?" 'kako.

"Hangin na lang po. Sa court n'yo na lang po hipan," sagot ng kausap ko, may ngiting nakaisa.

Napa-donate tuloy ako ng 500 PSI—este, pesos.

# *Chapter 6*

ANG VERDADERO Golf & Country Club ay nasa lungsod na katabi ng aming bayan sa left side... Ano ba ang left sa compass? Nag-sign of the cross ako—north, south, east, west. West? Basta doon. Wala pang one hour ang biyahe kung hindi ka maliligaw sa expressway.

Naligaw kami. Ako lang, pero damay sina Goyo at Mona. Nalampasan ko ang exit ramp papuntang Verdadero City. Kasalanan ni Bon Jovi. Feel na feel kong mag-sing along sa mga birit niya,

nakalimutan kong hindi multitasker ang utak ko. Kaya sa kasunod na exit na lang kami lumabas at pumasok sa maliit na bayan ng Dimasalang. Kailangan ko na lang hanapin doon ang entrance pabalik sa expressway to Capitolio, at hopefully, hindi ko na ma-miss ang Verdadero Exit.

Waze ba 'kamo? Google Maps? *Kenat* be. Hindi dahil tanders ako. Wala lang akong data dahil sa Wi-Fi lang nakaasa ang selpon ko. Iyon din ang problema ni Mona. No problem. Hindi nao-offline ang aking PMS—Puwedeng Magtanong System.

Isang pulutong na kapulisan ang natanaw ko. Pagmenor ko, nasa harap pala sila ng istasyon nila. *In-entertain* naman nila ang kagandahan ko.

Kailangan ko daw dumere-deretso sa kalsadang tinutumbok ko hanggang makita ko ang footbridge. Kakaliwa daw ako doon at makikita ko na ang bukana ng expressway.

“Sa’n ba kayo sa Verdadero, ma’am?” tanong pa ng isang pulis sa akin, nilalandi ako. Good. I did possess such a manipulative streak masquerading as charm.

“Sa Blue Zone, do’n sa golf and country club. Magsu-Zumba ako doon.” Insert self-deprecating smile. “Naka-costume na nga ako, o.” I patted the shoulders of my purple and yellow hoodie shirt. It was a small shirt with paha and hoodie. Ipinares ko sa black and pink retro shorts ni Lacey. Pati sneakers ko, kay Lacey. Retro vibe na

Diadora, dark blue na may suede accents. Pinabili ni Stepdaughter sa T'yo Paeng niya noong nagpunta uli iyon sa Europe with the suspected *Afam* GF. Suspected lang, innocent until proven otherwise.

"Mukha nga, ma'am. Eh, ma'am, may shortcut po dito papunta doon. Ten minutes lang," sabi ng pulis na kasing-edad lang yata ni Andres. Malakas ang appeal ko sa mga young man. Bakit kaya? 'Di kaya mukha na akong nanay masyado?

"Saan?" tanong ko. Shortcut daw, eh. Equivalent iyon ng *sale* at *new arrival* sa ukayan sa utak ko. Exciting. Not to be missed.

"Pasok kayo ng Burgos, ma'am. 'Tapos, makikita n'yo ang signboard,

'To Verdadero Golf and Country.' 'Yon na 'yon, ma'am."

"Saan ang Burgos?"

"Ahm..." Tumanaw sa dako pa roon ang pulis, nagbilang. "Mga, one, two..."

May nakisawsaw siyang comrade. "Sa Burgos? Limang stoplight," sabi ng sawsawero.

"Lima ba?" sabi ng pulis na type ako. Tumango si Sawsawero. "Okay. Limang stoplight, ma'am. Tawid ka, 'tapos 'yong unang kanto sa kanan, pasok ka doon."

"Burgos na 'yon?" paniniguro ko.

"Papunta na 'yon doon. Deretso lang."

"Sige, salamat nang madami, sir."

"Walang anuman. Ingat ka mag-drive, ma'am."

Umarangkada na ako. “Mona, magbilang kang stoplight. Lima!”

Minutes later, nagtatalo kami ni Simona. Apat pa lang ang bilang ko, lima na sa kanya.

“Kakanan daw, eh. May lilikuan ba tayo d’yan? Wala, o.” Meaning, tama ang bilang ko.

“Ah, kakanan,” sabi ni Mona.

“Oo, hindi ka ba nakikinig sa pulis?”

“Stoplight lang ang narinig ko, ‘te. Kinakausap ako ni Goyo.”

“Talaga lang?” ‘kako. Tumuloy ako hanggang sa makakita uli ng stoplight, tumingin sa kanan. Uy, may maliit na kalsada. Nag-signal ako na liliko.

At pagkatapos ng mga five hundred meters na residential area, pinulot kami sa kalsadang may kagubatan on both

sides. Pero maganda ang daan, *inferness*. Pinagawa yata ng developer ng country club. Nakakatakot lang. Walang masyadong dumadaan, sasakyan man at tao.

“Ibaba mo ang takip ni Goyo,” ‘kako kay Mona. May canopy thingy ang car seat ni bunso. Mabuti nang may sangga ang anak ko, in case may mambato sa amin. Advanced akong mag-isip ng mga trahedya. May earthquake at fire drill kami sa bahay, FYI. Pinag-aawayan din namin ni Lacey dahil hindi priority sa survival plan ko si Fish. ‘Kako naman kay Stepdaughter, paano kung kailangan niya pumili: si Goyo o si Fish? Dabog lang ang naisagot. That is the point, ‘kako. Sa isang nanay, it is always between “others” and her children. And

the nanay will always choose her kids.

Wala namang nang-ambush o nambato sa amin hanggang makita ko ang pagkalaking signboard ng country club. Sinundan ko ang arrow at voila! We approached the gate.

Sinabi ko ang pangalan nina Greg. "At kasama ko ang tagapagmana ng membership." Kukuya-kuyakoy sa car seat si Goyo.

Tumingin sa clipboard ang guard. "Ah, yes, Ma'am Caroline?"

"That's me."

Pinapasok na kami. Dere-deretso lang daw, 'tapos makikita ko na ang Blue Zone Health and Fitness facility nila. Ang ganda. Makinis na aspalto ang mga kalsada, kompleto ang signages, may mga puno at halaman. Ang Blue

Zone, nasa tuktok ng paahong kalsada. Parking area ang mabubungaran. Nag-park ako at nag-retouch muna ng mga glitters sa mukha. Wala akong balak mag-Zumba nang naka-clogs at double-knit trousers kaya dinaan ko na lang sa kinang-kinang ng makeup para magmukha akong member ng Abba. Asul na eyeshadow with glitters na ikinalat ko hanggang sa mga melasma. Nagtali ako ng bandana sa noo. May mahaba akong medyas.

Kinarga ko si Goyo pagbaba, kay Mona naman ang mga bagahe ni Goyo. Naglakad kaming parang mga Disney princess papunta sa entrance. May guwardiya din doon. Inulit ko lang ang password—susi na yata ng bayan si Greg. Pumasok kami sa lobby.

"Wow!" comment ni Mona. "Papiktyur tayo, ate."

"Disney princess tayo, 'wag kang bano d'yan," 'kako. Pero gusto ko ding magpa-picture. Maganda ang mga ilaw, magmumukha akong fresh. May mga tumpok na couches and coffee table sa hallway na ang dulo ay parang art gallery. Baka nga may art exhibit dahil nasa easel pa ang mga artworks. "'Wag kang hihipo d'yan," bilin ko kay Mona.

Sa gitna ng lobby, natatakpan ng malaking mesa na may malaking floral arrangement ang desk ng receptionist. Tinanong ko kung saan magsu-Zumba. Downstairs daw, itinuro ang hagdan na nasa far left ng lobby. At may playroom din daw doon para sa mga babies and toddlers. Bumaba kami. Nakita ko

naman agad ang playroom. Colorful rubber matting, sandamukal na laruan. Sa isang tabi ay may plastic slide, bahay-bahayan na plastic din, at kiddie pool na plastic balls ang laman. Hitik din ng mga yaya in scrubs. Si Mona lang ang hindi nakauniporme.

Pinalista ko si Goyo at binilinan si Mona. "Dito lang kayo, ha. 'Wag na 'wag kayong lalabas. 'Pag may kailangan ka, sabihin mo sa bantay, sila ang tatawag sa akin, okay?"

"Okay, ate."

"Good." Hinalikan ko si Goyo. "Stay ka muna dito, ha. 'Su-Zumba lang si Mama. Play ka lang dito, 'daming toys, o. May balls pa!"

Umaatungal na si Goyo paglabas ko. Hindi ko na nilingon at hahaba pa ang

iyakan. Nakita ko naman agad ang Zumba-han pero hindi dahil sa karatula. Nakakita lang ako ng mga aleng naka-seventies attire, sumunod ako. Mga naka-bell-bottom pants talaga sila, peasant blouses and dresses. Parang ako lang ang magsu-Zumba, sila ay papunta sa Woodstock, which was in 1969. Juts na lang ang kulang, and LSD. Pero dahil 2025 ito, sa Ozempic at Flanax lang high ang mga matronix. Katinko lang ang sinisinghot.

Pumasok kami sa salamin na double doors. Carpeted ang maluwang na silid. May ballet barre sa isang gilid, mga salamin sa dalawang dingding. May locker sa isang sulok, katabi ng isang bench. May water station din. Mga sampung katao na kami doon. Naupo

ako sa bench. Inayos ko ang Samboy Lim medyas ko, courtesy ng tatay ni Greg. Authentic. Madilaw na. Yellow-orange ang stripes at hindi na stretchable, bumababa. Ang shirt ko, sa pinsan ng bayaw ko nadelihensiya.

May nagbaba ng Lululemon tote sa tabi ko. Napatingala ako. Babaeng nasa singkuwenta pataas, hanggang leeg ang light brown hair, bagong Botox dahil kahit nakangiti, hindi gumagalaw ang noo, saka makintab masyado. Nakasuot ng itim na tennis skorts—A-line nga naman. Nike Daybreak ang sneakers, bright orange ang swoosh. Mukhang nakadelihensiya rin ng authentic seventies tank top. Puti na ma-orange ang trims ng neckline at straps. Hang Ten ang logo sa harapan. Baka naman

kanya talaga iyon, mukhang dalaginding na siya noong ipinalabas ang *Jaws*.

"Hi, you're new," sabi sa akin.

"Yes. Tess invited me."

"Oh, Tess! Is she coming?"

"No. May lakad sila ni Greg."

"Too bad. I'm Ruth, by the way."

"Charley, L-E-Y. Pleased to meet you."

Nagkamayan kami. Napatingin ako sa pinto dahil bumukas iyon at may pumasok na... reyna. As in Queen of Action Movies or simply, Action Queen. Sobrang famous talaga siya noong seventies hanggang mid-eighties. Laging kasali sa mga action film na Tagalog. Kasama nina Tony Ferrer, Bernard Bonnin, Ramon Zamora, Rey

Malonzo. Tumambling kasama ni Lito Lapid, Weng-Weng, at Dante Varona. Nakipagbakbakan kina Buwaya, Romy Diaz, et al.

Si Brenda Marie. A league of her own. Dahil wala naman talaga siyang kaliga. Nag-iisa siyang action actress. Binigyan ng lead role minsan, hindi kumita ang pelikula. Patriarchal talaga ang Philippines, kaya pang–support lang sa mga action stars si Brenda Marie.

Hindi ko naman siya naabutan talaga dahil hindi naman ako ganoon katanda. Nakilala ko lang siya at tumatak sa isip ko noong ako ay nasa grade school at napapanood ko sa TV ang mga lumang pelikula, ‘tapos kinukuwento ng mama ko kung sino si

Brenda Marie. ‘Ayun, humanga ako sa kanya dahil babae siyang nakikipagbakbakan.

At maganda siya. Siya daw ang Lynda Carter ng Pilipinas, sabi pa ni Mama.

Kaya kahit senior citizen na siya, namukhaan ko pa din. Nasa seventies na siya sa ngayon, kung hindi ako nagkakamali. Slim pa rin, medyo hukot ang balikat pero taglay pa rin ang famous na balakang. Ang liit ng mukha. Ang tangos pa rin ng ilong. Makitid ang mga labi. Pero dahil sa edad, siyempre, *kulubotsina* na si Action Queen, mas manipis na ang mga labi, lalo na ang itaas. Matalas na masyado ang cheekbones dahil nga nalusaw na ang facial fats. Still, masasabi ko na she was

well put together.

Nakapusod ang buhok, walang tutsang. Hindi OA ang makeup. May kaunting "salamat, doc" sa eye area. Nakasuot ng dobok with black belt na may limang dilaw na guhit.

Napa-"Oh, my, God!" ako. Dahil alam kong blackbelter sa Taekwondo si Brenda Marie. At base sa yellow stripes ng belt, Dan level siya, iyong pinakamataas.

"Brenda Marie," sabi ni Ruth. "Kilala mo?"

Sunod-sunod ang tango ko. "Puwede kayang magpa-autograph? Idol ko siya no'ng bata ako, *shet*."

"Halika, ipakilala kita." Hinaltak ni Ruth ang braso ko, dinala ako kay Brenda Marie. "I found a fan, Brends,"

sabi.

"Really?" Natawa si Brenda. "May fan pa ako?"

"Yes, of course," sabi ko. "I'm so happy to meet you, Miss Brenda. Lagi kong inaabangan sa TV ang mga movies mo no'ng elementary ako."

"Oh, my, God, I'm really ancient," sabi ni Miss Brenda. "And I'm so pleased to meet you..."

"Charley," 'kako. "Can I have a selfie with you? Please?"

"Sure."

Nag-selfie kami. At dahil lagi akong handa, may baon akong ball pen, nakapagpa-autograph ako sa bandana ko.

"I can't believe it!" Kinikilig talaga ako. "My childhood hero... ang galing

n'yo do'n sa Ulupong. 'Yong ginapos ka, 'tapos nakawala ka, sabay tumbling."

Natawa na lang si Miss Brenda.

"Nagta-Taekwondo pa kayo?" tanong ko.

"I'd love to, but my body won't cooperate anymore. I just wore this because I couldn't find any seventies clothes. My husband said I should just wear my movie costumes, though it isn't really a costume. I earned this belt."

"Opo nga. I know. I'm so happy, Miss Brenda."

"Glad to hear that. So, what do you do, Charley?"

"I'm uh… plain… mother."

"What does your husband do, then?"

"Uh, no husband. I'm single…

widow. My late husband was a pilot."

"Oh, I see. And I'm sorry about your husband."

"Thanks," 'kako. "I'm here as a guest of my friend, Tess."

"Oh, Tess. Yes, I know her. Her husband is a contractor."

I nodded. Parang nakakahalata na ako kay Miss Brenda, interested lang siya sa mga husband. Not because she was malandi. Worse. Parang sa mga lalaki lang siya bilib. Ang ironic. Action Queen siya, nakipagsipaan kina Joaquin Fajardo, hindi nagahasa ni Romy Diaz dahil sinakal lang niya sa pamamagitan ng legs.

Pero dahil siguro sa noon nga na kapanahunan niya, hindi acceptable ang babaeng ninja sa mga manonood ng

pelikulang Tagalog. Kahit gaano siya kagaling, submissive pa din siya sa mga lalaki dahil iyon ang nakagisnan niya.

Nakakalungkot naman.

Still, happy pa din ako na nakamayan siya, nakausap, nalanghapan ng pabango, Chanel.

Nabuwag lang ang tsikahan namin nang dumating si Mynette Bagsic. Namukhaan ko agad dahil ini-stalk ko na ang soc med niya. Only begotten wifey ni Arman Bagsic, the mayoralty candidate na natalo. Mga five-two ang taas ni Mynette, kaedad ko, maliit ang mukha, tsinita, matangos ang ilong, mukhang matabil ang nguso.

“Ikaw pala si Charley, kinukuwento ka nga ni Tess,” sabi sa akin nang magpakilala kami sa isa’t isa.

"Pinagtsitsismisan n'yo ako? Sabi ko na, eh," 'kako.

Tumawa si Mynette. "Pero seriously, Tess has nothing but nice words about you, despite your situation."

"What situation?" tanong ni Miss Brenda.

"Um, long story."

"We have time. C'mon, spill it."

Eh, di itsinismis ko ang sarili ko.

"Oh, wow! You're something, Charley," sabi ni Miss Brenda pagkatapos ng salaysay ko. "I'd like to hear more."

"We can have coffee later," sabi ko, tiningnan ko rin si Mynette dahil siya ang mas kailangan kong matsika.

"I'd love that. Let's do it, Mynette," sabi ni Miss Brenda.

“Shoot,” sang-ayon ni Mynette.

Hanggang tainga ang ngiti ko. The tsismis is tsismising.

# *Chapter 7*

HIYANG-HIYA ako. Hindi ko natapos ang Zumba. Naka-forty-five minutes lang ako—okay, forty. Pakiramdam ko ay papanawan na ako ng kaluluwa. Gusto ko sanang kayanin pero naisip ko si Goyo. Paano niya ipapaliwanag in the future kung bakit siya ulila sa ina. Namatay sa Zumba ang mama niya? Paano kung madaming problema ang anak ko that time? Dadagdagan ko pa? Saka tiyak na tiyak, pagtatawanan ako ng lahat sa burol ko. 'Tapos, nag-iisa

ako sa statistics ng Zumba casualty... Statistics ba kung isang kaso lang?

Ay, naku, nginuya ko na lang at nilunok ang pride ko. Nagmadali akong lumabas ng studio, kunwari ihing-ihi na ako or taeng-tae. Basta kapag may nagtanong, sasabihin ko na lang—

"Hot flash!" bulalas ko kay Miss Brenda nang bigla niya akong tawagin. Lumabas din siya.

"Oh, I see," aniya. Umupo siya sa couch sa gilid ng studio, nagkalkal sa Dior na tote. "Here, I got two of these." Inabutan ako ng Jisulife na fan.

"Thank you." Naupo ako sa tabi niya at napilitang mag-Jisulife kahit malamig naman doon sa hallway.

"Are you going back inside?" tanong ni Miss Brenda.

"I don't think so."

"Good, let's go get something to drink."

"I'll just get my bag and check on my son," sabi ko.

"I'll go ahead na. There's a lounge upstairs."

"Okay." Dahan-dahan akong pumasok sa studio para kunin ang eco bag ko. Asul na asul dahil grocery bag ng IKEA. Buti nga, hindi iyong bag ng Purefoods hamon ang dinala ko. Maliit kasi, pang-errands ko lang iyon. Nilisan ko ang studio sa saliw ng "I'm Coming Out" ni Diana Ross.

How fitting.

"Tapos na, ate?" tanong ni Mona pagpasok ko sa playroom.

"Ako, tapos na. Sila hindi pa. Hello,

baby ko. Enjoy ka ba dito? 'Daming balls, 'no?" Nasa walker si Goyo, sinagasaan lahat ang laruang nakakalat para makalapit sa akin. Kinarga ko ang anak ko. "I missed you, bebe ko, mmmm." Pinupog ko ng halik sa leeg.

"Uuwi na tayo, ate?"

Napaisip ako. Inaantay ako ni Miss Brenda sa lounge pero gusto ko nang umuwi, maligo, at humilata ng seventy hours. Kaso hindi ko pa naa-accomplish ang goal ko. On the other hand, may safer way namang tsumismis kaysa Zumba.

"Sige, tara na," 'kako kay Mona. "Akyat lang muna tayo sa 'taas, magpapaalam ako kay Miss Brenda."

Nagmartsa kami palabas, then paakyat sa third floor. Solo ni Miss

Brenda ang semi-circular na lounge set sa isang tabi. May hawak siyang cocktail drink, may kutkutin sa bilog na mesa.

"Hello, Miss Brenda," bati ko.

"Oh, join me, please," aniya.

"I'm so sorry, I can't—" Hindi ko na naituloy ang sinasabi ko dahil may lumapit na lalaki kay Miss Brenda. Parang nagmamadali. Parang mainit ang ulo.

"'Ma?" sabi ng lalaki. Matangkad. Mestizo.

Napasinghap si Mona sa likuran ko. Nilinga ko; nakanganga sa lalaki.

"Jeffrey," sabi ni Brenda. Tumingin sa akin. "Charley, this is my son, Jeff. Jeff, my new friend, Charley."

Tiningnan lang ako ni Jeff, walang ni-hi, ni-ho. Parang asar pa na naroroon

ako.

“I need to talk to you,” sabi nito kay Miss Brenda.

“Then talk.”

“In private, ‘Ma.” Iritadong sabi ni Jeff.

“I’m not in the mood, Jeff. I just want to finish my drink in peace.”

“You can’t do this to me, ‘Ma!” sigaw ni Jeff.

Biglang humangos naman sa lounge si Mynette. “Brends!” Napatda nang makita si Jeff. “Oh, he found you,” sabi.

Inilipat ko sa kabilang balakang si Goyo. Umiinit ang eksena.

“Yes, I found her, no thanks to you, bitch!” sigaw ni Jeff kay Mynette.

Tumayo na si Miss Brenda. “Excuse me.” Naglakad ito palayo. Sumunod si

Jeff.

Naupo sa couch si Mynette, iiling-iling.

"What was that about?" tanong ko, naupo na rin ako.

"That is what you must prevent from happening at all cost. Don't spoil this cutie pie." Pinisil-pisil ni Mynette ang braso ni Goyo. "Be a good boy, ha."

"Only son ba 'yon ni Miss Brenda?" tanong ko.

"Si Jeffrey Olsen 'yon, ate!" sabad ni Mona, nakiupo sa couch.

"The who?" 'kako.

"Model 'yon, ate, pero artista na din siya, guest sa *Batang Quiapo*. Ampogi!"

Nasa bandang likuran ko si Mona kaya nakurot ko agad sa hita. "Pogi ka d'yan, nakita mo nang tampalasan sa

nanay niya, kinilig ka pa. Luka-luka!" Kung kailangan ko pang sampalin si Mona, sasampalin ko talaga, magising lang sa katotohanan na hindi dapat iniidolo ang mga salbahe at bastos.

"Alam ko naman, ate, pero ampogi talaga," giit ng talandi. "Ang kinis."

Tatamaan talaga ito sa akin, pero mamaya na. Chichika muna ako kay Mynette. "Foreigner ba asawa ni Miss Brenda? Bakit Olsen ang anak?"

"'Yong father ni Jeff ang American. Pero ang husband ni Brends ngayon, si Direk Toto."

"Mago?" Household name na rin ang naturang direktor dahil award-winning ang mga pelikula, here and abroad. Matanda na rin si Toto Mago, pero mas bata kay Miss Brenda. "Wala silang

anak?" Ako ang fan na walang alam sa showbiz.

"Magkakaanak pa ba 'yon? Fifty na yata si Brends no'ng magpakasal sila."

"Sabagay... eh, di matanda na 'yong Jeff?" Baka thirty plus na. Pero may tama rin naman si Mona, guwapo nga at parang nasa twenties pa lang. Lean ang katawan, napakakinis ng mukha. Baka may Botox din.

"Oo naman. Wala lang bait. Menopause baby daw, premature pa. Mama's boy talaga." Hininaan ni Mynette ang boses. "Drug addict pa 'yon."

"Ha? Hindi halata."

"Marunong magdala."

Tumaas ang isang kilay ko. May addict ba na "marunong magdala?"

Lahat sila eventually, magka-crash, lilitaw ang bisyo sa katawan, babagsak, papangit.

“Labas-masok ‘yon sa rehab,” sabi pa ni Mynette.

“Baka kaya pogi pa rin, napapa-rehab ‘pag kailangan.” Dahil may pera. Bigla kong hinampas sa hita si Mynette. “Maiba tayo, kilala mo ‘yong buntis na napatay, ‘di ba? Napagbintangan ang husband mo.”

“Si Claudette. Grabe ‘yon,” sabi ni Mynette.

“Oo nga. Natanong ko lang kasi may nawawalang teenager sa Masasa, nangampanya rin siya sa husband mo noon. Baka kilala mo? Si Gelli Tejada. One month nang hinahanap.”

“Si Gelli? ‘Yong magandang bata?”

Sunod-sunod ang tango ko. "Nalaman ko kasi, nagpunta sa amin 'yong kapitan nila gawa ng namukhaan ng stepdaughter ko si Gelli sa picture. Kakilala no'ng nakatira sa tapat naming farm. Nakakaawa naman 'yong father ni Gelli, mukhang adik na sa pag-aalala."

"Oh, my God, si Gelli. Mabait pa 'yon. Magalang, saka matalino—" Napasinghap si Mynette. "Shit."

"Bakit?"

"Oh, my, God! I don't want to... Shit, talaga."

"Ano nga? Masama ako mabitin," 'kako.

"Tumulong din kasi sa campaign no'n si Jeff. Pumayag kami no'ng isama siya ni Claudette sa headquarters, kasi

artista, guwapo, panghakot din ng tao… Pero may misgivings kami, lalo na si Arman, kasi nga alam namin ang ugali at may bisyo.”

“Wait, wait… You mean, magkakilala sina Claudette at Jeff?”

“Oo. Alam ko na iniisip mo. Iniisip din naming mag-asawa pero wala kaming pruweba.”

“Baka si Jeff ang ama ng ipinagbubuntis, ‘tapos…” Sabay kaming tumango ni Mynette.

“Gaga, atin-atin lang ‘to, ha,” sabi niya.

“Oo naman, until proven guilty,” sabi ko. “Ba’t hindi pinaghinalaan ng mga pulis si Jeff? ‘Yong asawa mo ang inimbestigahan?”

“That was exactly what we told the

police. Sabi nila, kinausap din nila pero break na daw sina Jeff at Claudette, matagal na. Friends na lang. Saka may alibi din si Jeff, nasa taping siya during that period. No'ng ma-clear naman ang asawa ko, tumahimik na kami. Ayaw na naming humaba pa ang issue, apektado ang mga bata, eh."

Tanggap ko iyon. Kung ako ang nalagay sa ganoong sitwasyon, mananahimik na lang din ako, lalo na at cleared na ako. "Pero it's safe to say na, kilala din ni Jeff si Gelli."

"Oo naman. Magkakasama sila do'n sa headquarters, saka sa rallies."

"Baka may alam si Jeff kung nasaan si Gelli."

"Good luck kung matanong mo 'yon. Oy, pala, ba't ka lumabas na kanina?"

Umamin na ako dahil malaman naman ang tsismisan namin. “Hindi ko na kinaya.”

Tumawa si Mynette. “First time mo ba?”

“Oo, ayoko nang umulit. Mas okay pa manganak, sa totoo lang.” Lalo kung CS.

“Sa una lang ‘yon kasi nabigla ka. Eventually, magbi-build ka ng endurance. Ganyan din ako noon, nagsuka pa ako, ‘tapos one week yata akong hindi makalakad. Ngayon, okay na. May weight training pa ‘ko, also tennis. Ituloy mo lang, kahit thirty minutes per session lang.”

“Iisipin ko.”

“Uuwi na ba kayo?”

“Oo.”

“May potluck sa bahay sa Sunday, punta ka. Kayo ni Tess.”

“Ano’ng okasyon?”

“Dadating ‘yong friend kong yogi, mag-sound bath tayo, ‘tapos kainan.”

“Sound bath?”

“Oo, maganda ‘yon, pampawala ng stress. Try mo, I’m sure, magugulat ka after.”

“Ano’ng sound?”

# *Chapter 8*

"EX-JOWA PALA ni Jeffrey Olsen si Claudette na kaibigan din ni Gelli na ngayon ay missing. Si Jeffrey ay career addict, walang galang sa nanay niya, therefore, wala din siyang galang sa ibang babae." Nasa kotse na kami pero nasa loob pa ng country club. Nagugutom na ako at may nakita akong Korean resto, mayroon ding Italian. Base sa pailaw sa loob ng mga iyon, pricey, mga residente lang ng country club ang pumapatol. Huwag na lang.

May leftover pa kaming giniling, menudo style. Kapag dinagdagan ko ng tomato sauce, para na ‘yong OFW sa Italy. ‘Pag nilagyan ko naman ng madaming chili sauce, aba, K-pop na rin.

“Rinig ko, ate, nandoon ako,” sabi ni Mona.

Oo *nga naman*. “Hindi ka kasi importante,” sabi ko na lang. “Feeling ko wala ka doon. Invisible ka, multo. Kaya tigilan mo na ang papaya soap.” Tiningnan ko pa sa rearview mirror si Mona. “Kung kinakain mo ang papaya, baka noon ka pa maganda.” Aba, kahit slapsoil itong si Mona, ayaw magkakain ng gulay at prutas.

“Si ate, ako na naman ang nakita.”

“Natural, ikaw ang nand’yan.

Maniwala ka kasi sa 'kin. Kainin mo ang papaya, lilinis ang tiyan mo, gaganda ang kutis mo."

"Buto daw ng papaya ang pampalinis ng t'yan, ate."

"Sino may sabi?"

"Sa FB."

"Naniwala ka naman, gaga ka. Ba't ka magtatiyaga sa buto, may laman naman? I-Google mo nga 'yong *sound bath*." Lumabas na kami ng country club.

"Wala pang Wi-Fi."

"Dapat naglo-load ka kasi. Paano kung ma-stranded tayo kung saan, paano tayo tatawag ng saklolo?"

"Bigyan mo 'ko pang-load."

"Magkano lang 'yon? 'Pag lalabas lang naman tayo, bente lang puwede na.

Kaya na ng bulsa mo ‘yon.”

“Ano ang ilo-load ko, ‘te? Call and text o pang-internet? Facebook o YouTube?”

Nangunot lalo ang noo ko. “Hindi puwedeng lahat?”

“Hindi, ate.”

“Pucha.”

“Bumili ka na lang no’ng kaparis kay Lacey, ‘te. May Wi-Fi siya kahit saan.”

“Ano ‘yon?”

“Nakalimutan ko tawag. Tanungin mo na lang.”

Kamuntik na naman kaming lumampas sa exit pauwi. Kaunting-kaunti lang naman, iyong tipong nagalit ang nasa likod ko dahil hindi pala ako dederetso. But *all’s well*, and soon we were home sweet home. Parang

mababaliw sa tuwa si Fish pagkakita sa amin, pero hindi siya nagpakarga. Alam niyang iiitsa ko siya ‘pag ginawa niya iyon. Kandasayaw lang siya at kampay ng buntot.

“Pakainin mo na muna ‘yang aso,” utos ko kay Mona. “SPG na ‘yan. Palitan mo din ang tubig niya.” Dumeretso kami ni Goyo sa kusina. Ipinatong ko siya sa basket niya at inilagay sa ibabaw ng mesa. “Behave ka d’yan, ha.” Binigyan ko ng apple. “O, ‘kaskas mo’ng gilagid mo d’yan.”

Isinalang ko sa kawali ang leftover giniling, medium lang ang apoy. Nang malusaw na uli ang mantika, binuhusan ko ng tomato sauce, additional pepper, Italian seasoning, and voila! Kakain na ako. Naglagay ako

ng kaning-lamig sa bowl, binuhusan ko ng OFW-sa-Milan sauce. Kung lalagyan ko ng keso sa ibabaw at isasalpak sa microwave, mas masarap. Pero tinatamad na ako.

Nakikipagbuno pa din si Goyo sa apple niya. Papalitaw pa lang ang lower teeth niya at nakakagasgas na siguro sa apple kaya hindi niya iniitsa. May nalalasahan siyang katas.

“Yummy ‘no? Mmmm, yum-yum ang apple.” I cooed as I chewed. Sinubuan ko din ng kaunting kanin with sauce si Goyo. Iniluwa. “Okay, madali akong kausap.” Madali lang din akong kumain. Hindi ko kayang sundin ang payo ng mga doktor quack-quack sa soc med na nguyain nang thirty seconds ang bawat pagkain na isinubo bago

lunukin para maganda ang panunaw. In less than five minutes, tapos na akong mag-lunch. Iginawa ko ng dede si Goyo at humilata na kaming mag-ina sa kuwarto niya.

Hindi pa naggagapang ang anak ko pero nag-a-attempt na siyang tumayo. Mukhang i-skip niya ang crawling, dederetso sa walking. At so far, ito ang phase na pinakamahirap dahil nangungunyapit siya sa kahit ano para tumindig, 'tapos hindi pa talaga niya kaya, kaya biglang makakabitaw, mababaligtad na patihaya, patagilid, pasubsob. Kailangang bantayan.

What if gusto ko lang manood ng TV hanggang maidlip?

Ang tagal kumain ni Mona, parang nananadya.

"Goyo, dodo ka na lang dito, o." Hinaltak ko siya habang habang naghahanap ng makakapitan sa gilid ng crib niya. Ano'ng sinabi ni Tom Cruise sa MI-2 sa anak ko kung makalambitin? At parang bola na tumalbog nang ihiga ko sa tabi ko at salpakan ng dede. Sabay niyang initsa ang dede at bumalikwas, sumampa sa tiyan ko. Pagkurap ko, nakaupo na sa mukha ko.

Kailangan ko nang gamitin ang ipinagbabawal na teknik.

"Anak naman, sleep ka muna. May *mekus-mekus* sa labas, nangunguha ng bata..." Nagkunwari akong takot. "Dito ka lang sa tabi ni Mama, ha. Ayokong makuha ka ng mekus. Alam mo ba kung ano ang ginagawa ng mga mekus sa bata?" Nanlalaki ang mga mata ni Goyo

sa pakikinig. "Nakakaawa ang mga bata sa galamay ng mekus. Una, nilalagay sa sako ang bata, 'tapos isasakay sa puting van. Alam mo kung ano ang van? Big car 'yon. Do'n ikinakarga ang mga bata na imemekus. Nakakatakot!" With acting na pang-*Shake, Rattle & Roll*.

Umiyak si Goyo sa takot.

"Sshh." Niyakap ko siya at tinapik sa puwit. "'Wag kang umiyak, baka marinig tayo ng mekus-mekus." Bumulong na ako. "Quiet lang tayo dito para hindi nila alam na may bata dito." Ipinuslit ko ang dede sa bibig niya. Kandasupsop, hihikbi-hikbi. "Basta dito ka lang sa tabi ni Mama, ha? Takot sa mga mama ang mekus-mekus, hindi nila nakukuha ang bata 'pag nasa mama nila."

Siyempre, hindi naman naiintindihan ni Goyo ang mga sinasabi ko, natatakot lang siya dahil sa tono ko at facial expression. May long-term effect kaya iyon sa baby? Babayad ba si Greg ng therapist pagdating ng panahon? Hindi naman siguro. Kahit hindi ko natatandaan, panigurado, tinakot din ako ng nanay ko noon. Wala namang side effect… Wala nga ba? Normal ba ako? I successfully scared my baby son to sleep. Gawain ba ito ng matinong ina? "Sshh, mekus-mekus…" bulong ko pa kay Goyo na namumungay na ang mga mata.

Biglang bumukas ang pinto. "Charley!" Humangos papasok si Lacey.

"Ano ba? Kumatok ka naman," saway ko. Kumislot si Goyo. Kanda-

"shhh-shhh" ako at tapik.

Sumalampak sa paanan ko sa mattress si Lacey, nakasuot pa ng pang-volleyball. Shorts na pagkaiksi, oversized T-shirt, rubber shoes, pagkahahabang medyas.

"Ang sapatos mo." Gigil ako. Hindi na nagtanda na ang sapatos, iniiwan sa labas.

Hinubad ni Lacey ang sapatos at medyas pero hindi inilabas. Kung pagagalitan ko, may chance na magising si Goyo. Nagpakahinahon na lang ako. "Ilabas mo 'yan, ha."

"Okay," mahinahon din niyang sagot.

"Kumain ka na?" Maaga siyang umalis kanina, may practice ng volleyball.

“Yup, kina Sam.”

“Ha?” Muntik na akong makalimot at mapabalikwas. Pero ang hirap ma-excite at mag-panic habang nakaunan pa sa braso mo ang batang nakatulog lang sa takot. “Pumasok ka sa kanila?”

“Relax, he’s not there,” tukoy ni Lacey kay Sir Art. “He’s in Manila, I think. Maybe he’s still got a wife and kids somewhere.”

“Wala akong pake sa civil status niya. Paano kung kasabwat ‘yang si Sam sa pagkawala ni Gelli? Paano kung nilagyan ng pampatulog ang pagkain mo?”

“Mmm, well…”

“Well ka d’yan!” singhal ko na pabulong. Pinakiramdaman ko si Goyo. Mukha namang hindi nananaginip ng

mekus. Dahan-dahan, inaalis ko ang braso kong inunan niya. Medyo manhid na dahil mabigat ang ulo ni Goyo.

"I couldn't pass up the chance to speak with her," sabi ni Lacey. "Saka I made my own sandwich naman. P-B-and-J. She ate the same thing."

"'Yon lang ang lunch mo?"

"Yes. So?"

"Eh, di, wow."

"And I got my own water. There's no way she'd be able to drug me or poison me."

"Pa'no mo nalaman na wala si Sir Art? Paano kayo nagkausap ni Sam?"

"Fish. When I got home, I saw him at their gate. Sam was feeding him something. So, I went over, chatted. She asked me inside. We made

sandwiches. She's… I don't know…" Humiga si Lacey sa paanan ni Goyo. Inabutan ko siya ng unan. "Thanks." Sininghot niya ang puwitan ni Goyo. "It's weird, I like the way his bum smells, it's nice and ewww." Lacey giggled.

"'Wag mong likutin, kakatulog lang n'yan."

"His bum's so adorable. Is Tito Greggy's adorable too?"

"I have no idea."

"Oh, c'mon!"

"I did not see his bum. Madilim noon."

"What, you didn't grab it?"

"Lacey!" May hangganan ang pagka-woke mother ko.

Tumawa si Stepdaughter.

"Ano pinag-usapan n'yo ni Sam?" tanong ko na lang.

"Just school. She misses regular school."

Homeschooled diumano si Sam. I nodded. "Ano pa?"

"Nothing weird, just that there's lots of boxes in their house. It's Art's, his business or something."

"What's in the boxes?"

"Things. I don't know. Sam doesn't know either. They're still sealed. It's Sam who's really weird. She's nice and all, I think I like her, but I can't really like her 'cause she's weird and I hate it that she's trying so hard to please him. She's playing house with him. It gives me the creeps. She's acting like a doormat wife, you know?"

I just shrugged.

"The weirdest thing is, she loves it. She adores him. I wanted to shake her up real hard, alam mo 'yon?" Umarte siyang gigil na gigil. "Wake up, bitch!"

"Kung ikaw 'yon, sasampalin nga kita hanggang matauhan ka," 'kako.

"But I asked her about Gelli and I told her what we learned so far, that Gelli was involved in a campaign and she knew that pregnant lady who was murdered."

"Ano'ng sabi?"

"She knew of her, too. The pregnant lady. Sam said she had money."

"Sino?"

"The pregnant lady."

"Si Claudette? May pera?"

"Yup. According to Gelli daw.

Claudette lent her some money."

"Nangutang si Gelli kay Claudette? Bakit daw?"

"Gelli needed some cash. Sam doesn't know why."

"When was that?"

"Duh."

"Ha?"

"When Claudette was still alive. Duh," sabi ni Lacey.

Oo nga naman. *I'm so duh*.

"So, may pera si Claudette around the time na napatay siya?" 'kako.

"Where'd she get the money?" tanong ni Lacey. Rhetorical.

Sinagot ko pa rin. "Kampanyahan noon, labasan ng pera ang mga kanditato."

"Could be," nagkibit-balikat na sagot

ni Lacey.

“Or… the child’s father bribed her to keep quiet,” sabi ko. Ikinuwento ko ang mga nasagap ko sa country club.

“Oooh, the plot thickens.”

***Buy books here:***

Facebook.com/WhimsicalBooksPh

Shopee.ph/WhimsicalBooksPh

Tiktok.com/WhimsicalBooksPh

***Listen to FREE audiobooks:***

YouTube.com/@AlabStories

***You may download book previews here.***

*Thank you for supporting indie writers!*

# Love & Kisses, Harpy

ROSE TAN

This e-book is exclusively available for purchase through Whimsical Books Ph for personal use only. If you acquired this copy from a source other than Whimsical Books Ph, please inform us, and we'll reward you for the information.

All rights reserved. No part of this book may be copied, distributed, or transmitted in any form or by any means, including screenshots, without the prior written permission of the author, except for brief quotations used in critical reviews or permitted by copyright law for noncommercial purposes.

This is a work of fiction. All characters and events are either products of the author's imagination or used fictitiously.

**Love & Kisses, Harpy**

Copyright © 2021 by Rose Tan

Distributed by
Whimsical Books Ph
Visit their Shopee or TikTok
for printed copies.

First Digital Edition

# CHAPTER 1

SA SCHOOL MAY BATAS. *Kung sino ang nakaisip, siya ang gagawa.*

Just one of Charley's crazy ramblings, Lacey thought. Last weekend lang iyon sinabi sa kanya habang ginagawa nila ang brownies na kasalukuyan niyang pinapapak. She made the mistake of asking the Stepmummy From Hell how she dealt with school pressure.

"Anong pressure? Kung hindi mo alam ang sagot, aba'y natural iyon. Matakot ka kung 'yung teacher mo ang

walang maisagot 'pag tinanong mo."

*Yup, that's Charley, and these brownies are awesome.*

Nasa second floor na siya ng ISB, sising-sisi kung bakit hindi lang siya nag-suggest, ipinaglaban pa niya ang naisip niyang *subject* para sa LPE-Learning-Pathway Experience, a year-long thesis-like group project na aaplayan nila ng Math, English, Science, among others. Forty percent ng final grade sa mga subjects na iyon ay kukunin sa LPE.

Her group's previous proposals for a topic were rejected. May gumawa na raw the previous year or may nauna nang ibang group. Fine. They had to come up with another and so, Lacey volunteered the only thing that was on

her mind lately.

*The Doll in the Closet.*

*Incest, a social dilemma*

Surprise! Everyone agreed. And since it was her idea, she didn't just have to write the proposal, she had to pitch it, too. She should have listened to Charley.

She would from now on. Ililista pa niya lahat na pinagsasasabi ng luka-luka, she'd call it "Charley's Hacks."

Huminto siya sa likurang pinto ng Room 203, a.k.a. The Bullpen, short for "Bully Pen." In other words, detention.

She squared her shoulders, patted down her skirt. Hindi niya alam anong klaseng pamamlantsa ang ginagawa ni Charley at sobrang tigas ng palda niya. Ang pleats, *grabe lang*, makakamatay sa

sobrang talas.

Lacey knocked once, then twice. Bumukas nang kaunti ang pinto, sumilip si Mrs. Arioso. Teacher nila sa English, adviser sa LPE. They fondly called her "Miss May."

"Good afternoon, Miss. About our LPE. I have the new proposal with me and—"

"Told you to email it." Miss May was about Charley's age, give or take. Maiksi ang buhok, nakasalamin. Katamtaman ang katawan at ang taas. On rotation ang mga teacher sa pagbabantay sa mga "detainees." Schedule ni Miss May ang araw na iyon, Wednesday.

"Yes, Miss. It's just that, I need to ask you something first. We want to know if we should include the, uh, the *Doll in the*

*Closet* in the proposal—"

Amused na tumaas ang kilay ni Miss May, "What do you have in mind this time?" Pamilyar na sa buong St. Alban ang formal theme piece na iyon ng kaibigan ni Charley. "Come in, will you?"

The Bullpen was just another classroom, except it had fewer desks and the teacher's table was at the back. Nakatalikod ang tatlong detainees doon, dalawang lalaki, isang babae, nagbabasa. Lumingon ang isa pagpasok ni Lacey at tiningnan siya nang masama.

Si Inigo. Fresh from his month-long suspension pero required mag-report sa 203 after class for another month. Dahil hindi lang dine-detain doon ang mga

offenders, kina-counsel rin, binibigyan ng activities that would teach them patience, self-control, among other things.

Lacey ignored him. Kinuha niya sa hawak na folder ang proposal, ipinabasa kay Miss May. Tatango-tango ang guro habang binabasa.

"It's good. You wrote this?"

"Yes, Miss." Lacey beamed.

"I'd say you should proceed. Para makahabol na kayo sa iba." Isinipi ni Miss May sa sariling folder ang proposal. "As for the Doll, I think it doesn't matter whether you—"

Another student entered without even knocking. John something from the cream section. While all schools are now discouraged to label sections based

on grades para pantay-pantay ang mga estudyante, old habits were hard to break. Officially, ISB302 ang section ni John something. Pero alam nilang lahat, iyon pa rin ang “cream,” the nerdy bunch, hinaluan lang nang kaunting average types just to comply with government orders.

John didn’t even look at her. Sumugod sa desk ni Miss May, mukhang ang laki ng problema. Baka 99 lang ang score sa test and the single mistake was bothering him big time.

“We found him, Miss! He’s barely—”

Tumapon ang desk ni Inigo. Because it appeared he suddenly pushed away from it and ran to the door in front.

Napadukwang sa desk si Miss May. “Mr. Bis—”

Tumakbo na rin palabas ang babaeng detainee, hinabol si Inigo.

Noon na-realize ni Lacey na may nangyayari sa labas kaya humangos na rin siya sa pinto para alamin.

“What’s going on?” sabi ni Miss May sa likuran ni Lacey.

Nagtatakbuhan papunta sa hagdanan ang mga estudyante at guro.

“Excuse me.” Hinawi ni Miss May si Lacey at nagtatakbo na rin para habulin ang isang co-teacher. Makikihabol na rin si Lacey nang may magsalita sa tabi niya. Si John. She had totally forgotten his presence.

“It’s Jared,” sabi nito.

“W-What?”

“Sa rooftop. He—”

Nakita ni Lacey na tumatakbo rin ang

mga kaklase niya.

“Lindsay! Linds!” She hurried to them.

“Oh, my God, Lace!” Humiwalay sa grupo si Lindsay para salubungin si Lacey. “You heard?”

“What?”

“Si Jared! He’s dead!”

“N-No—” That couldn’t be. Lacey looked around. Teachers, students, security personnel, they were all running to the stairs.

“He hanged himself on the roof!”

“Oh, no—” Parang bibigay ang mga tuhod ni Lacey. Pero bigla siyang hinaltak ni Lindsay, she was forced to stay upright and run.

NAKARATING SILA sa rooftop para

lang harangan at pababain ng mga security guards at teachers. Naipon sila sa landing pero patagilid at paunti-unti, nakaakyat si Lacey hanggang dulo ng hagdan. Kandatanaw siya sa nangyayari sa gym/rec hall.

Multi-purpose ang top floor o rooftop kung tawagin nila. May mga ping-pong tables, plastic chairs na nakapatas sa isang tabi, some blackboards. Doon sila nagpa-practice ng dula, sayaw, kanta. Ang sahig ay pinatungan ng itim na rubber matting. May wire netting sa mga pasimano—inilagay raw noong may lumundag doon. Walang kisame, currogated metal ang bubong at litaw ang metal beams.

Sa bandang likod nagkakatipon ang ibang guards at teachers. At kalapit ng

ping-pong table, mga upuang nakatumba at nakakalat.

Ano'ng nangyari kay Jared? Did he really…

Pumito na ang guwardiya. "Baba! Baba! Walang dadaanan ang medics!"

Napilitan silang sumunod at mag-congregate na lang sa lobby kung saan kinurdonan rin sila ng mga guwardiya. Pati maintenance personnel, kasali na sa crowd control.

May ambulansya na nga sa labas. Men and women in scrubs hurried upstairs, may dalang stretcher at first-aid kits.

"He's still alive," bulong ni Lacey kay Lindsay. "He must be. Bakit pa nila bibigyan ng first aid if he's dead?"

"Let's hope so. Shoot, this building's really cursed. My mom's gonna freak

out." "Shit" was forbidden so they used "shoot."

"Is he in trouble? He seemed okay to me." Pero alam ni Lacey, karamihan naman sa mga nagpapatiwakal, mukhang "okay."

Naasar siya kay Jared dahil noong malaman na crush niya ito, sobrang pa-cute na. He became too confident, like he could face and handle everything. Naging pabida at pabibo. Akala mo lagi ay naglalakad sa alapaap.

But Lacey had to admit, all those changes made Jared even more charming—at least to her. Bandang huli, crush pa rin niya kahit alam na niyang walang pag-asa maging sila. Kung gusto rin siya ni Jared, e, di sana noong malaman na crush niya ito ay

pinormahan na siya. Didn't happen. Not gonna happen.

"Yeah," tango ni Lindsay. "He's just kind of distracted yesterday."

"Really? How so?"

"Kasalubong ko siya sa may canteen, hindi ako binati. Nung tinawag ko, parang gulat na gulat."

"Baka family problem?"

Lindsay shrugged. "Nasa abroad ang mama n'ya, 'di ba?"

Lacey nodded. Ama at kapatid na grade six, sa SAA rin, ang kasama ni Jared sa bahay. Mukhang okay naman... Again, that *okay* word. Paano ba malalaman kung hindi okay ang okay?

Nagkaroon uli ng komosyon sa paligid. Several minutes later, nakita na nila ang medics, usong-usong si Jared

sa stretcher, may nakasalpak na oxygen mask sa mukha.

"He's alive! He's gonna make it!" Kinalog ni Lacey ang braso ni Lindsay.

"He's lucky." At bumulong ito, "Fuck. Fuck this."

Lacey realized how shaken Lindsay was. Kaklase nito si Jared last year at naging tropa. Kahit ngayong hindi na nito kaklase at siya ang laging kasama, kaibigan pa rin si Jared.

Bigla siyang natigilan. What if Lindsay got a crush on him, too? She eyed her friend. Decided it wasn't the time to ask her about her feelings.

"He'll be fine," sabi na lang niya.

Naisakay na sa ambulansya si Jared. Nagkusa nang mag-alisan ang mga miron. Lindsay checked her phone.

“Nand’yan na sundo ko.”

“Hatid na kita.”

Ihahatid sana niya hanggang parking si Lindsay pero nang dumaan sila sa labas ng chapel, nagbago ang isip ni Lacey.

“Um, I’ll just—” turo niya sa loob ng chapel.

“Since when you got religious?”

“Just today.”

“Okay. Chat you later.”

Hinintay muna niyang makalayo ng kaunti si Lindsay bago siya pumasok sa chapel. Hindi siya magdadasal doon, still, she crossed herself upon entering at tahimik na tinabihan ang pakay niya doon.

“John, right?” Aniya. Magat ang last name, basa niya sa ID.

“Oh, hi. Yes. Lacey? 304?”

She nodded. Akala niya kanina, nagdadasal si John. Hindi pala. Nagdo-drowing sa notebook.

“Lacey Young.” Inilahad niya ang kamay.

He took it, “Pleased to meet you.” His smile was kind of cute. His handshake was firm which was surprising. She thought nerds’ were limp. His smell was surprising too. Fresh. Very nice.

Matangos ang ilong. Medyo maliit ang bibig, kind of like a girl’s which reminded her of…*Dad*. She blinked away the thought.

Mga mata lang ni John Magat ang hindi surprising. They were…how would she put it? Knowing. Hindi mo pagdudahan na madaming alam.

Kaya nga Calc Boss ang tawag nila. As in calculus. Kayang kwentahin ang area ng chapel mentally, pupusta siya. Hindi uso ang calculator kay John, from what she'd heard. Pambato raw ito sa mga math competitions abroad mula grade one. Mental Math ang especialty.

Matapos siyang kamayan, binalingan na uli nito ang drowing.

"That's nice." Tukoy niya sa dino-drowing nito. Some kind of mythical figure. Babae na mukhang agila..agila na babae. Sexy ang katawan, may boobs, maganda ang legs pero talons ang paa, pakpak na nakabuka ang mga kamay.

"Thanks."

"So you can draw."

"I try." Nilinga siya nito, "You need

something?"

"Actually. Kaklase mo si Jared, di ba?" Jared was one of the average types na isinama sa cream.

"Ka-group ko din s'ya sa LPE."

"May kakaiba ba sa kanya lately? And who found him pala?"

"We did. He was supposed to write the introd of the study. Hindi n'ya ginawa. Kakausapin ko sana s'ya, hinanap namin. Naisip namin baka nasa rooftop, nagta-tae kwan do 'yun, eh." Parang nanlumo si John, "It was..horrible. I...I had to hold his feet, push them up so he'd stop choking. I could feel his body seizing then it stopped...I thought he's dead." Namutla si John.

"Why do you think he's acting strange

lately?" Tanong ni Lacey.

"He was out of it. Preoccupied with, I don't know. But before that, he seemed happy. Always joking, fooling around. Biglang masipag na mag-aral, after 'yun na ma-Bullpen s'ya."

"Oh, yes, I remember." Tango ni Lacey. Few weeks ago, na-office si Jared. Nahuli ng janitor na nagyoyosi sa CR. Kaya for a week, sa Bullpen si Jared after class. Come to think of it, it was after that, that Jared learned she liked him and started behaving, well, extra. "Oh, no."

"Why? What?"

"You think he could be using drugs?" Kaya may period na sobrang saya, tapos biglang, distracted? Malungkot?

"He had a girlfriend," sabi ni John.

"What?" bulalas ni Lacey. Wala siyang nababalitaang ganoon. "Who?"

"No one knows. Ayaw n'ya sabihin kung sino. Basta nagkukuwento lang s'ya tungkol dun sa… girl."

Napaisip si Lacey "You said 'had.' They broke up and that's the reason he—"

Tumango si John. "Unfortunately."

"Sino 'yung girlfriend? I mean, you have any idea? Taga-dito sa SAA?"

"Yup."

"Who is she?" Kinalog niya ang braso ni John.

He tapped the drawing with his pencil. "The Harpy."

"The what?"

# CHAPTER 2

"ANG ANO?" THE DIRT stalker was at it again. Hawak ang lumang toothbrush, pinanggigigilan ang mga grout sa backsplash ng lababo. Kung mama niya ito, papatungan lang ng white nail polish ang nangutim na grout lines.

But it wasn't her mom. It was Charley. Some kind of stupid, some kind of smart Charley.

"The Harpy. From Greek mythology. Some kind of monster."

"'Yun ang jowa ng nagpatiwakal

mong crush na akala mo, nagpapa-cute sa ‘yo, ‘yun pala, may jowa talaga.”

“Ouch. Do you have to rub it in?”

“*Op kors*. So, sawi sa love life kaya nagpatiwakal. Kagaya nung dati. Mga lalaki talaga, mahihinang nilalang.” Binitawan naman ni Charley ang toothbrush, nagbanlaw ng mga kamay at may kinuhang pagkain sa oven.

“Wow, what’s that?” Naduling si Lacey sa amoy. It was heavenly.

“Sheperd’s pie. Dinner. Maghain ka na.”

Siguradong masarap ang kakainin niya kaya sunod agad si Lacey. Soon they were seated at the table.

“John said he thinks the first case was also the Harpy’s fault.” Mainit na mainit pa ang... some kind of minced

meat and veggies with mashed potatoes on top. Just wow. “This looks awesome.”

Charley grinned. “Mga tira-tira lang ‘yan, tange. Japeyk na sheperd’s pie ‘yan. Pork at chicken lang ‘yan, wala tayong lamb at paanong si Harpy din ang may kasalanan dun sa unang nagpatiwakal? Three years ago ‘yun… ano’ng grade ba ‘yun lumundag sa building?”

“Grade nine raw.”

“So, three years… aba’y dapat college na si Harpy, ah. Ano ‘yun, nakilala ni Jared outside the school?”

“Maybe. And according to John—”

Natawa si Charley. “Apostol ba ‘yan?”

Lacey giggled, “You can say that. He’s… such a good boy.”

"S'ya na lang jowain mo."

"Ewww."

"At ayaw mo sa good boy? Gusto mo, bad boy? Robin Padilla? Mas ewwwww!"

"He's not my type, okay. Please listen first. John thinks The Harpy's responsible for Jared also because he has a tattoo."

"Tattoo? Si Jared?"

Lacey nodded. "Of a harpy in his chest." Nakita raw ni John nang subukan ng mga iyon i-CPR si Jared. Iyon ang dinodrowing ni John kanina."

Kahit naman leftovers lang ang meat pie, masarap pa rin. Buti na lang talaga, hindi siya nakuha ni Uncle Raf. Hindi masarap magluto ang maid niyon.

"OA naman sila ma-in love sa Harpy

na 'yon. Nagpapatiwakal talaga?"

Sumubo si Lacey ng meat pie. "What if Kuya Andres decided to kill himself because of what you did?"

"Tigilan mo na 'yan, utang na galang."

"Or si Tito Greggy, maging alcoholic na s'ya tapos mapabayaan na n'ya business n'ya… you're a harpy, Charley."

"Hindi nila gagawin 'yan dahil lang sa isang linggong pag-ibig—" Tumunog ang telepono sa salas. "Ikaw na. Si Abu Sayyaf 'yan."

"Okay." Lacey stood, walked to the phone.

May pahabol si Charley, "Wag mong babanggitin ang nagpatiwakal. Alam mo naman 'yan, naghihintay lang ng

magandang rason para makuha ka."

Nagmatigas si Charley noong dumating si Uncle Raf a.k.a. T'yo Paeng. Tinawagan ang two sets of grandparents ni Lacey at tinalakan. Two sets of grandparents did not want to offend the "Pataranta" any more than they already did—the father's side, by conspiring to hide Lacey's existence; the mother's side, well, that was obvious.

In the end, umuwi mag-isa si Uncle Raf. Nagbanta na huwag na huwag magkakamali si Charley…

"Yellow!" sagot ni Lacey sa phone.

Si Abu Sayyaf nga. "Lace, kumusta? Uncle Raf 'to."

"Hi, Uncle! I'm great. We're having dinner. Sheperds pie, it's awesome.

How are you?"

"Okay lang. Kumusta school?"

"It's great. Na-approve na topic namin sa LPE. Four mistakes ako sa chemistry."

"Okay. Ahmm, sige at may nanganganak ditong kabayo. 'Tawag uli ako, ha. Ingat ka."

"Yes, Uncle. Ingat ka rin. Miss you!"

"Miss you, too."

"Hi daw, sabi ni Charley." Dumila siya. Inambaan siya ni Charley ng tinidor.

Ibinaba naman ni Uncle Raf ang telepono.

"Binabaan ka," aniya kay Charley. In a way. "Ayaw magpakumusta."

"Ba't ko naman kasi s'ya kukumustahin?"

"Chika lang." Dudulog na uli siya sa mesa pero bigla ulit tumunog ang telepono. Balik na naman siya sa salas. May nakalimutan sabihin si Abu Sayyaf?

"Uncle!"

"Um, hello?" Lalaki, boses na hindi mabangis.

"Oh, hi, John?" Thay swapped phone numbers bago sila maghiwalay kanina. They promised to update each other kapag may nabalitaan sila tungkol kay Harpy.

"Yup. Ahhmm, listen, I learned something. They found a letter in Jared's pocket. It's from the Harpy. I'm right, Lacey. It's the Harpy!"

"What does the letter say?"

"Jared better kill himself."

"What?"

"Yes. And guess what? Marcus, the guy who jumped, he got the same letter. I mean, same content. Harpy drove them to suicide."

"But why? And who is the Harpy?"

"That's what we need to find out."

"Uh, we?"

"Why? Aren't you interested?"

"I am."

"Then we're on. See you tomorrow."

# CHAPTER 3

"I FEEL THE WEIGHT of my conscience about the neck of my heart." Lacey clasped her chest.

"Hanging about!" sigaw ng director, a.k.a. the leader of the class. "Why do you keep forgetting?"

"Sorry." Pero kung si Lacey ang tatanungin, okay lang naman makalimutan niya ang salitang "hanging." Malinaw pa rin ang dialogue.

"Okay, last. Act two, scene two!"

Lacey groaned, pero mas malakas ang angal ng mga kasama niya sa play. May sumimangot pa sa kanya. Last na kasi dapat kung hindi niya in-omit ang "hanging."

*Merchant of Venice* ang drama, hinati-hati sa lahat nang sections ang acts. They got 2:2. Si Lacey ang napilit na gumanap kay Launcelot Gobbo. Maiksi naman raw ang buhok niya and she was thin.

Nasa oval sila dahil sarado ang rooftop. Pinagdedebatehan na ng school admin kung dapat na ring lagyan ng kisame. Parang Band-Aid solution lang daw iyon sa tunay na problema, sabi ng mga anti. Dahil ang totoong problema ay mental health ng mga estudyante. Both sides meant well,

Lacey supposed. But the real problem to her, was that schools don't adapt to the changes that greatly affect students' well-being.

Schools kept renovating facilities, erecting new buildings, going high-tech, but year after year, they saw students the same way they saw the very first ones. Probably. Nagbabago ang treatment sa mga estudyante but to the admin and the teachers, students would always be just kids.

Used to be just sticks, but that didn't work so they added carrots. Now it's all carrots and nope, not working either.

And that was why Lacey preferred Charley over any guardian. Charley had no strategies, no techniques in child raising. She was offensive, bordering on

abusive but, *Charley lets me be me*.

In Charley's house, Lacey was allowed to rant, to speak up, to be lazy, to make mistakes, to be creative, to negotiate. She was allowed to be lonely.

She adjusted her fisherman's hat, the only prop she had for now. Pero nasabi na niya kay Charley, tiwala siya na may mahahanap iyong costume. Launcelot Gobbo looked the The Fool in Charley's tarot.

Her cue came, Lacey grabbed her chest. "I feel the weight of my conscience *hanging* about the neck of my heart." An undecided and racist Mr. Gobbo, wanting to leave Shylock for the merchant.

Then the practice was over. What a relief. Pinulot niya ang backpack at

nagtatakbo papunta sa mga benches sa gilid ng oval.

John waved at her.

She sat beside him. "Buti ka pa, exempted sa mga play," aniya. Pero hindi naman siya marunong mag-chess and, um, yup, she'd rather be Launcelot. Inter-school chess tourney was coming, si John rin ang pambato ng St. Alban and just like any varsity player, excused ito sa mga dula at kung anu-ano pa.

Ngumiti ito, itinuro ang ulo niya. "Looks good on you."

"Thanks." Hinubad niya ang fisherman's hat. "How's Jared?"

"Still non-responsive."

"Shoot." Comatose si Jared. Hindi lang dahil sa pagbibigti. He also had

enough drugs and alcohol in his system to kill an adult. "How long had he been using, you think?"

"No idea."

"Hindi ba s'ya na-test las time?"

"That was random drug test."

"I don't think it was really random. I heard they tested all the suspected users, just say it's random."

"I dunno who got tested or not. But I learned something."

"And how?"

"His sister. Nakausap ko sa canteen kanina."

Lacey could not believe it. "She's like... ten, John. What did you do? Offered her your Pokemons?" He collected those, he told her.

"Eleven. I simply talked to her. She

was alone. I told her I'm Jared's friend. She got a lot to say, too bad, the adults are not paying attention."

Napangiti si Lacey. It seemed John shared her sentiments about adults refusing to see kids as people.

But, "I'm really not sure I'm the right person for this, John. I'm no Sherlock."

"The Harpy's got to be stopped or there'll be more victims."

Natawa na si Lacey. "Victims talaga?"

"I'm sure they are. Pero so far, ang naniniwala lang na 'yung Harpy ang salarin ay ako, si Shiela at... ikaw, hopefully."

"Sino si Shiela?"

"GF ni Marcus, 'yung first victim. College na 'yun ngayon, but after Marcus jumped, Shiela told everyone

who would care to listen about the Harpy's letter, how Marcus changed when he got involved with Harpy."

"But let me guess, no one else knew about Harpy."

John nodded. "And Shiela wasn't exactly the type you'd listen to. She was, ahhmmm… a free spirit."

Umigkas ang isang kilay ni Lacey. "Nakakausap mo si Shiela?"

"I was one of those willing to listen. Grade seven ako… tayo no'n."

Grade seven na pinansin ng Grade ten. Lacey could understand why John had been willing to listen.

John kept on, "Nagcha-chat pa rin kami from time to time, lalo na ngayon. I told her about Jared. She's willing to meet with us, kung makakauwi raw s'ya

this weekend."

"I see. But no, I don't see how we're going to find the Harpy." She looked across the oval. Kahilera ng likod ng gymnasium ang bench nila and she looked at the gate na noon raw ay kayang-kayang lusutan nina Charley. Ngayon, imposible na. Makapal na bakal na iyon. At ang kabila ay hindi na papunta sa gubat. May nakabili na ng mga lupa, pinatayuan na ng mga bahay na kanya-kanyang bakod.

"We start from when Jared started to change."

"We might not find her or she's an online entity." Maybe a bunch of losers created Harpy to lure boys like Jared to… "Was Marcus good-looking, too?"

"Yeah. What they call alphas."

Natawa na may iling si John.

"What if Harpy's just a creation of some losers who hate alphas. Like... incels?"

"Ah, those. Claiming to be alphas but really they're not. Could be. That's why we need to do this, Lace." Kumuha ito ng notebook sa bag. The notebook he'd been drawing on. Pagbuklat, tumambad uli kay Lacey ang Harpy.

She gawked at it.

"Do you know what the Harpies really were?" tanong ni John. Ito rin naman ang sumagot, "They were employed by gods as instruments of punishment of the guilty."

"Oooh, plot thickens." She loved mysteries. She even set about solving one, kaya nga siya napunta dito sa

Castillas. Pero nagkamali siya. She was emotional and impulsive. Great detectives were not like that.

Tumango si John. "Yeah, could be a revenge or punishment thing for something the Harpy perceives as a wrong done to her. Or to them, as you said."

Lacey traced the drawing with her forefinger. She was at the cemetery, visiting her father's grave with her Lola Ness. She was eleven. It wasn't undas or any occasion. Hindi siya pinapadalaw doon 'pag may okasyon, baka makita siya ni Charley.

It was in October, sem break. Umaambon pa dahil may parating raw na bagyo. May naabutan silang babae na nakamasid sa puntod ng kanyang

daddy. Akala pa niya noon, iyon si Charley. Hindi raw kaya lumapit pa rin sila.

The woman was tall and elegant. Alam mo kaagad na mayaman kahit hindi extra ang mga alahas na kagaya ng mommy ni Inigo. That was cheap. The woman in the cemetery was not. Mga kasing-edad siguro ni Charley, early forties. Maganda. Sexy. White polo, naka-tuck-in sa white jeans. Red high heels. Snakeskin handbag.

"Good *morning. Kilala mo ang anak ko?" Sabi ni Lola Ness sa babae.*

*"Oh, you're his mom. I'm so sorry for your loss and this must be his daugthter. I knew Ned from the Air Force. I just recently heard about his passing. Pleased to meet you. I'll leave you now." The*

*woman fished for something in her bag. A silver cigarette case. Binuksan iyon at nagsindi ng sigarilyo. When she walked away, may nahulog mula siguro sa cigarette case.*

*Kapirasong papel. Hindi napansin ng babae, hindi rin napansin ni Lola Ness. Si Lacey lang ang nakapansin dahil siguro siya ang pinakamaliit doon.*

*Pinulot niya ang kapirasong papel.*

"Lace?"

"Oh, sorry, I was just... thinking..." She stopped tracing the drawing. "John, if I give you a description of a face, can you draw it?"

"Like a sketch artist?"

"Yeah, like that."

"Uh, now?"

"Hindi naman. Just when you're not

busy."

"Okay. Just give me the list of the features, I'll do my best."

List.

Ang kapirasong papel na pinulot niya sa sementeryo, listahan rin. Eleven names. Mga lalaki lahat. Isa doon ang pangalan ng kanyang daddy: *Ned Anthony Young*.

Kumuha siya ng sariling notebook at ballpen sa bag, nagsimula siyang maglista.

Oval face. High cheekbones. Straight, slim nose. Almond eyes. Thin upper lip, thick lower lip. Black hair. French twist. Arched brows.

Habang nagsusulat siya, nagre-report si John, "Sabi ni Jamaica, 'yung kapatid ni Jared, lagi raw may sinasabi si Jared

lately, parang tula."

Lacey looked at him. "Ano raw?"

Bumuwelo si John bago nag-recite, "'*Ah! It is but a little thing, death.*'"

"Ha?"

"And it get's interesting. I Googled that because, honestly, I didn't think Jared could have thought of that. It must be from some movie or anime or song."

"And?"

"It's a line from *Madame Bovary*." Binuklat nito ang notebook, ipinabasa kay Lacey ang isinulat doon:

*Ah, it is but a little thing, death. I shall fall asleep and all will be over. – Emma Bovary*

"How is it interesting?" tanong niya.

"Marcus had that book."

"Fuck."

"Yes. Fuck."

The suicides were really connected.

Binigyan siya ni John ng assignment. She handed her the description list.

"Sabay na tayo sa sakayan," anito.

"May sundo ako, eh. Pupunta daw kaming fiesta." Iyon ang social life ni Charley na by default ay social life na rin ni Lacey. Fiesta, birthday parties ng mga tita, house blessing. Dinners, movies. She was fifteen going on sixteen but her best friend was a tita. More than anything, she liked to think of Charley as a friend. Hindi naman mahirap dahil minsan, mas isip bata pa sa kanya si Stepmummy From Hell.

Nakipag-away siya sa pinsan niyang si Marion last year at the start of summer.

Anak ng Tita Janice niya, panggitnang kapatid ng mommy niya at Tito Raf. Sa mga lola rin niya kapisan si Marion dahil nasa Spain si Tita Janice at ang asawa naman ay ahente ng gamot, kung saan-saan ang ruta, umuupa na lang ng condo sa Manila.

It was a huge fight. Major. Nagkasakitan sila. Pinagbintangan siya na sinuot niya ang paboritong blusa ni Marion. Hinihiram naman talaga niya madalas dahil type rin niya. But that time, hindi talaga niya ginamit. Nagsagutan sila, nagmurahan.

Kaparis raw siya ng kanyang mama. Mang-aagaw. Magnanakaw.

Doon nasampal ni Lacey ang pinsan. Nagpagulong-gulong na sila sa kuwarto after that, nagsabunutan,

nagkalmutan. A day after that, dumating sa bahay si Uncle Raf. Sa farm daw muna si Lacey. Sa kalapit na school na rin siya papapasukin. Si Uncle Raf lang ang lalaki sa pamilya, kaya kahit bunso, sinusunod nina Lola Patreng.

Lacey was just too happy to pack her things. Mas okay naman sa farm ni Tito Raf and he was always busy with his own animals and the school's. Trainer/instructor din sa farm school iyon. Laging wala sa bahay. It was a much better setup kaysa mga lola niya na lagi nang nakasunod at nakabantay sa kanya. Akala mo ay babasagin siya kung ituring. Ang hirap kumilos.

She was unpacking her suitcases in her new room when she saw her old phone. Nasa loob iyon ng case at sa bulsa

ng case, naroroon pa rin ang kapirasong papel.

*The List*.

She didn't even know that she kept it. Pero since naitago pala niya at wala siyang magawa sa bukid—*correction*—wala siyang magustuhang gawin, she decided to Google the names on the list.

"And?" si Charley. Kasalukuyan silang nata-traffic sa harap ng SAA.

"Eight were dead including Dad. Tatlo na lang 'yung buhay pa." Ayaw na sana ni Lacey ikuwento kay Charley, but the whole thing was haunting her again. Triggered by none other than John's obsession with the Harpy.

"Natural causes?"

"No. Accidents. One was shot, I think. Also suicide."

"Kung sabagay, 'kaka-curious nga." Tango ni Charley.

"I therefore thought, the woman I saw at the cemetery was some kind of assassin. She's killing off those men in her list."

"And I hired her?" Hagalpak si Charley.

"Yeah, sorry."

Nagkibit ng balikat si Charley. "'Yun din siguro ang maiisip ko. Madumi rin isip ko, eh." Then she glanced at Lacey from the top of her Wayfarer. "Pero bakit nga may listahan? Sino ang babaeng 'yun?

*Uh-oh*. Lacey winced.

"Don't tell me you're interested. Please don't."

"Give me the list."

“No! Why?”

“Aba, malay mo, may iba pang babae ang ama mo at ‘yun ang nagpapatay sa kanya.”

“It was engine trouble, according to the investigation. Those things happen.”

“Who got the engine into trouble, aber? Killers do those things all the time, too.”

# CHAPTER 4

*Three weeks later*

"A PLUS B IS equal to B plus A."

Napamata si Lacey kay John. She could not believe him. What's the sum of A and B got to do with her?

"Know what? Leave me alone," aniya. She now regretted joining him at the oval after class.

"Huh?"

"You're not helping. I don't need equation. I need—" She stopped. She

needed someone to understand why she was feeling bad.

Charley had nothing but assurances. While Lacey knew those were true, they were also dismissive. It was over, wala nang pag-uusapan, let's move on.

Lindsay sounded like a meme, which was worse.

John was her best bet. She sighed. She should have known better.

"Equa… that's the commutative law! Numbers can travel back and forth like commuters. If you swap them, like two plus one to one plus two, you get the same answer. That's what you're doing, Lace."

It was her turn to be clueless, "Huh?"

"You already have the answer, you can't change it anymore no matter how

much you swap your percentages. Eight percent of fifty is also fifty percent of eight. Charley chose you, she said so herself. That's your answer. The circumstances was the equation you were given which you can't change 'cause they're given."

"I'm not numbers. I'm human. With feelings. I feel things that I can't help feeling."

"That's why I'm trying to change the way you feel. With numbers. And feelings are deceptive, they can make you feel bad even if you don't have to. Numbers don't do that. If they're bad, they're bad. If they're good, they're good. No deception."

"Okay. Then I feel that my numbers are bad."

"Cross out the 'feel.'" Air quotes. "Your numbers are bad."

She nodded.

"Then let's find out if you're right." He appeared to compute in his head. Shook his head. "Nope. You're wrong. The numbers aren't bad. They're good."

"Show me," hamon niya.

"You were in grave danger. There was just one way for Charley to save you. She did it."

"But… the baby…"

"It wasn't part of the equation that time."

Kandailing siya. "I can't be more important than the baby."

"That time, you were, Lace. Charley must have known it. The baby could hold on, you had nothing to hold on to."

“Owww-kay, if you put it that way.”

“It is that way, Lace,” giit ni John. “Mas may chance maka-survive ‘yung baby kaysa sa ‘yo. Charley knew that. Mothers have instincts.”

“Instincts are feelings and you said feelings are—”

“Instincts are rational. They don’t just come out of the blue. We develop them from experience. You said Charley had miscarriages before. That’s where she got the instinct. She knew the baby had a chance, no matter how small the chance was, kumpara sa chance mo noon… she had to risk it, Lace, and that made your numbers good.”

She grinned at him. “Will you do my math assignment?” She felt better already.

Umiling si John. “Nope. I already showed you how last night.”

“You sent me the formula.”

“You can do it.”

Kung lipstick iyong formula, ang dali nga i-apply.

“Tell me again.” Kinuha niya ang notebook sa bag, binuklat.

“You’re trying to trick me.” He laughed.

“Hindi, ah.”

He ended up doing her assignment. All Lacey did was write the solution down. He knew he’d been had, umiling na lang na natatawa.

He was cute when he did that.

“Let’s go see Shiela,” aya ni John. Naunang tumayo mula sa bench na nakatanaw sa oval. Nagpa-practice ang

mga futbolista ng St. Alban.

“John, did you ever think of playing soccer?” tanong ni Lacey habang tinatago ang notebook niya.

“Nung grade one sumali ako. Magba-varsity sana ako. But the teachers kept pulling me out from practice for math practice. At some point they talked to my mom. Soccer or math. Mom asked me.” He shrugged. “Hindi naman ako maka-score sa football, pero sa math may gold medal lagi.” He grinned. “No brainer.” Tumingin ito sa mga nagpa-practice. “Sila, hati-hati pa sa medal at trophy, ako, solo ko. Pati poster sa harap ng school. Solo pic.” Nag-Mr. Pogi pose.

“Ano ‘yun, inborn? Nung pinanganak ka, nagbibilang ka na?”

“I dunno… basta I like patterns a lot. I

see them everywhere. We have this curtain with geometric pattern, I remember staring at it a lot when I was small. Gusto ko rin manood kay mama sa kusina ‘pag nagluluto. It was faschinating. ‘Yung mga measuring cups.”

Baka kaya hindi siya nahilig sa math, sa loob-loob ni Lacey. Her mother didn’t cook. Sa labas sila kumakain o kaya pa-deliver. Late na siguro ngayon para maimpluwensyahan siya ni Charley.

“I hate measuring cups. And those tiny spoons,” aniya. “I need to drop by at the hospital.” Required siyang magpaalam kay Charley kahit nasa ospital iyon hanggang puwede nang ilabas ang baby.

NASAMID si Tita Charley. “MIT?! Ang yaman n’yo naman.”

Natawa si John. “Scholarship po ‘yun basta ma-meet ko ang requirements nila and math orgs po here and abroad will also help with my schooling. Wala na pong gastos sina mama ‘pag nag-college ako.”

“Ah, I see. Ano kukunin mong course?”

“Baka po computer engineering, business… p’wede rin po akong magturo.” Teaching math was fun. Minsan, naiimbitahan na siyang magturo sa mga public schools, grades five to twelve.

“Wow. Pakitanong sa nanay mo ano’ng gatas no noon, ha.”

“Breast milk po. About twenty ounces

per day until two years old po ako."

Tita Charley looked down at her breasts. "Tatandaan ko 'yan."

Sumabad na si Lacey, "Can we go now?"

"Ah, hindi pa. Punta ka muna sa nurses' station, follow up mo itong TV nila, naubos na ang channel, panay Intsik na nakikita ko."

"They're Koreans, Charley."

"E, di Korean. Lakad na."

Pagkalabas ni Lacey, sumenyas agad si Tita Charley kay John na mas lumapit pa sa kama. He knew it! The woman was up to something kaya itinaboy si Lacey.

"Yes, po, Tita?"

"I want you to stop dragging Lacey into this... Harpy case."

"But, Tita, she's invested—"

"I don't care. I also don't care how you do it, just do it. Look, John, iho, I can't get out of here. My baby already had a brush with death, ayoko nang maulit. Ayoko na rin maulit na manganib ang buhay ni Lacey. I'm sure you understand that."

He nodded. "I do, Tita."

She looked him in the eyes. "I trust you."

"Opo, Tita."

SHIELA Quintana lived in an old subdivision just behind the public market. Some kind of government housing project for teachers. Single storey na may kaunting bakuran at ginawa nang sarisari store nina Shiela ang harapan. Doon sila pinatuloy ng

babae dahil nasa salas raw ang lola nito na na-stroke, mahirap raw ilipat.

Lacey and John sat opposite each other. Si John, sa itinayong case ng softdrinks. Si Lacey, sa plastic stool, which reminded her of her ordeal and made her cringe at first. She had to suck it up, she couldn't avoid plastic stools forever.

Si Shiela, naka-lotus position sa ibabaw ng mga sako ng bigas malapit sa pinto, nagyoyosi. Sa labas ng pinto binubuga ang usok pero langhap pa rin nila.

Hindi lang iyon ang source of discomfort ni Lacey. Si Shiela mismo. But it wasn't her blue and pink hair, the piercings, the tats. It was the way Shiela was sitting while in those tiny, tiny

shorts. Exposed na ang crotch ng panties.

But John was surprisingly calm about it. He was neither bothered nor excited at the sight in front of him.

"So how are you, girl?" Shiela indicated her own neck while looking at Lacey's.

"Okay na. No more sore throat, I'm not hoarse anymore."

"You get nighmares?"

"Um, yeah. But not a lot." At hindi laging tungkol sa pagkabigti. Minsan, zombies. Most bothersome of all was that dream she had of babies. Dead babies coming at her. "Um, thanks for agreeing to see us today."

Na-cancel ang una nilang meet-up sana kay Shiela two weeks ago dahil nga

sa nangyari sa kanya.

“Honestly?” sabi ni Shiela, bumuga na naman ng usok. “When John told me what happened, pinilit ko talagang makauwi ngayon kahit tambak ang exams ko.” Pre-law raw ang kurso nito, legal management something. “I want to meet you, Lacey.”

“Jared’s still in a coma,” sabad ni John.

“So, I’ve heard,” tango ni Shiela, initsa sa labas ang upos ng yosi. “Attempted suicide ang sabi ng mga pulis but he’s got the Harpy all over him. More like assisted suicide. But you can’t go around telling people that.” She wagged a finger at them. “I made that mistake.”

She was branded as bitter, hysterical,

very unstable. No one believed her.

“We need proof.”

“Find out who the Harppy is, you’ll have your proof.”

“That’s the idea,” sabi ni John.

Inabot ni Shiela ang backpack na nakasabit sa shelf ng mga delata, may kinuha sa loob, clear envelope. “Ito ‘yung mga nakita ko sa gamit ni Markus noon. There’s the letter from Harpy. Nung pinakita ko sa parents n’ya, pinagbintangan pa na gawa-gawa ko ‘yan. Ako daw ‘yung Harpy. Ako pa pinaimbestigahan. Sadly, I don’t cut a good image. Hindi nila ako gusto for Markus in the first place.” She handed the clear envelope to John. “‘Yan rin ‘yung copy ng *Madame Bovary*.”

“Why do you think the Harpy’s into

that story?" Lacey looked at Shiela. "I mean, we're assuming the book was from her or at least, she influenced Markus to read it." Jared didn't have a copy of the book pero memoryado ang linya ni Emma Bovary.

"Maybe she's an adulterer."

"But that would mean she's married," sabi ni John. "And, therefore, not our age?"

"'Yan rin ang hinala ko. Harpy's a cougar preying on impressionable young men."

Automatic na naisip ni Lacey ang stepmother. Napangiti siya. She could not wait to tell Charley.

"Where would the likes of Jared and Markus meet such a woman?" tanong ni John, rhetorical probably, but Lacey

had an answer.

"Moms."

"Huh?" sabay pa sina John at Shiela.

"School moms, like... Inigo's mom for example. She looks like she could be a cougar." Like Charley. But Charley was a nice cougar.

"I get it, I get it." Hinampas ni John ang envelope. "We'll look for moms who are extra friendly and nice to boys... maybe her kid's friends. Something like that."

***Buy books here:***

Facebook.com/WhimsicalBooksPh

Shopee.ph/WhimsicalBooksPh

TikTok.com/WhimsicalBooksPh

***Listen to FREE audiobooks:***

YouTube.com/@AlabStories

***You may download book previews here.***

*Thank you for supporting indie writers!*